# *Katubusan Sa Pamamagitan Ng Kapangyarihan*

Salamat na, mabuti. Magandang gabi, mga kaibigan. Isang pribilehiyo ang makadako sa lugar na ito ngayong gabi, para makapangusap muli sa inyo sa Pangalan ng minamahal nating Panginoong Jesus Cristo. At isa nga pong pribilehiyo sa tuwina ang makaharap ang mga hirang ng Diyos, saanmang dako, at makapangusap sa dakilang Pangalan na 'yun, na Jesus.

2 Tunay pong nalugod ako sa awiting inawit ng ating kapatid na lalaki. Iyan, iyan nga'y paborito ko. Sa panahon ngayon na pinagpipilitan ng mga taong gawin lamang si Jesus na propeta lang, o mabuting tao lang, o isang tagapagturo lang, 'yan nga'y sadyang pagpapahayag ng Kanyang pagka-Diyos, kung ano Siya talaga. At ako nga'y naniniwala na Siya'y . . .

3 Wala nang iba pa sa Kanya ang tutulad sa Kanya, sa lupa, wala kahit kailan. Siya si Emmanuel. Siya ang Alpha, Omega; ang pasimula at ang wakas; Siya noon, ngayon, at ang darating; ang Ugat at Supling ni David; ang Tala sa Umaga. Sa Kanya'y nananahan ang pagka-Diyos. Sumasa Kanya ang Diyos.

4 "Ang Diyos sa Kanyang Anak, si Cristo, pinakipagkasundo ang sanlibutan sa Kanyang Sarili." Sinabi ni Jesus, "Hindi Ako ang gumagawa ng mga gawang ito, kundi ang Aking Ama na nananahan sa Akin. Ang Aking Ama at Ako ay iisa," Diyos na nahayag, sa laman. Kahanga-hanga ngang kapahayagan ito ng pag-ibig ng Diyos sa atin, na ihahayag Niya ang Sarili Niya at bababa't tatahan sa katawang-tao, upang alisin ang kasalanan at sakit sa sangkatauhan, at tubusin tayo para maipanumbalik sa Ama. Tunay na kahanga-hanga talaga, di po ba? [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.] Tunay ngang nalulugod tayo sa ganyan.

5 Ngayon, kagabi, marahil dapat po talaga akong humingi ng paumanhin. Ako'y . . . Si Billy nga'y, pinamadali na niya ako, kagabi, dahil para bang . . . Nanghina po kasi ako. Pero sa mga pagtitipong ganoon, sa espirituwal na pagkilala, haya't di n'yo 'yun malalaman, maliban na 'yun ay . . . Kinakailangan n'yong pumasok mismo roon, para malaman 'yun, kita n'yo. Walang paraan para ipaliwanag ang pakiramdam nun. Walang kahit—kahit anong paraan para ipaliwanag 'yun. Isa 'yung karanasan na—na wala nang iba pang makakaalam sa pakiramdam nun, 'yun lang mga nakapasok dun. Kung ano nga ang ginagawa nun sa sangkatauhan, kung anong ginagawa nun sa isang tao, parang binubunot nun 'yung mismong buhay niya sa kanya!

6 Buweno, mistula kayong nasa dalawang daigdig. Nandito kayo sa daigdig na ito *rito*, at nandun kayo sa daigdig na 'yun *doon*, na nandun ka kasama ang isang tao, marahil limampung taon na ang nakararaan; at nandun kayo marahil kasama ang isa uling tao, mga ilang taon mula ngayon, sa hinaharap; at sa kabila nun ay heto kayong mamamalayan n'yong nakatayo pala kayo sa entablado rito, at kayo'y nagsasalita tungkol sa mga bagay na 'yun na nangyari maraming, maraming taon na ang nakararaan; marahil mga ilang linggo ang nakararaan, ilang buwan ang nakararaan; sa ibang bansa, ibang lugar, o parang ganun. At pagkatapos susubukan n'yo ngang hindi matumba, matapos ang lahat ng 'yun, at iisipin 'yun; sinasabi ko nga sa inyo, sadya ngang kakaibang bagay 'yun. Subalit patuloy na pinagpapala tayo ng Panginoon, sa bagay na ito, at tayo nga'y lubos na natutuwa, at nagtitiwala ngayon na maluluwalhati ang Diyos sa pagtitipong ito.

7 Ngayon, sa mga—mga gawain ngayong gabi, naisip ko po, yamang kakaunti lamang tayo na mga dumalo rito, na sama-sama; ang mga pagtitipon natin ay inanunsyo lang sa dakong ito, at para lang sa mga taga-rito talaga. At bago tayo dumako sa mas malalaking bahagi ng mga pagtitipon, iniisip ko kanina, na ngayon, sisikapin ko marahil na kumuha ng makalumang-istilo ng pagtuturo, sa Biblia, mailahad sa mga tao; na kapag dumating na 'yung dakilang kaganapan, kung ipapadala na sa atin ito ng Diyos, ay maiintindihan natin 'yun nang mas maigi.

8 Dahil kung tutuusin, ang Makalangit na pagpapagaling ay isa lamang—isa lamang pain sa kawil, para mahuli 'yung isda, gaya ng nalalaman n'yo na. Yun nga 'yung. . .Kakagat sa pain 'yung isda at makakawil ito. Kaya ang atin pong pinaka . . . Ang atin talagang pinaka layunin ay ito, ang, makahikayat tayo ng mga kaluluwa kay Jesus Cristo.

9 Pagalingin nga kayo ng Diyos ngayong gabi, maaari kang magkasakit uli bago ka mamatay. Maaari kang magkasakit uli, isang taon mula ngayon, o dalawang taon mula ngayon; maaari kang magkasakit nang isang linggo mula ngayon, o isang araw mula ngayon. Di ko po alam. Pero heto nga't may isang bagay na sigurado talaga, iiwan mo ang mundong ito, isa sa mga araw na ito, dahil ang dakong ito'y pansamantala lang.

10 Pero kapag ang kaluluwa ay magkakaroon ng kaugnayan sa Espiritu Santo at maipanganak muli, may Buhay na Walang Hanggan ka. Anuman ang mangyari sa dakong ito, hinding-hindi ka na mapapahamak. Sinabi ni Jesus, "Ang dumirinig ng Aking mga Salita, sumasampalataya sa Kanya na nagsugo sa Akin, ay mayroong," pangkasalukuyan po, "walang hanggang Buhay, at di mapapasok sa paghatol; kundi lumipat," tapos na po, "lumipat na sa Buhay mula sa kamatayan." Ang bagay na 'yan ay tiyak na magbubunsod sa atin na maging Methodist tayong lahat at magsimulang sumigaw, (hindi po ba?) tama, ang

isipin na, Diyos ang gumawa n'yan. Ngayon, hindi ko po salita ito; Kanya po, San Juan 5:24.

11 San Juan 6, sabi ni Jesus, "Ang kumakain ng Aking laman, at umiinom ng Aking Dugo, ay may walang hanggang Buhay; at ibabangon Ko siya sa huling araw." Tama. "Ang kumakain ng Aking laman, at umiinom ng Aking Dugo, ay mayroong," pangkasalukuyan po, "walang hanggang Buhay." Ngayon, ito pong "walang hanggan," hindi ibig sabihin nito'y magtatagal lang sa isang rebaybal hanggang sa makaabot sa isa pa, kundi mapasa Walang Hanggan talaga.

12 At ngayon, sa inyo po na mga ministro na nakaupo riyan, nalalaman n'yo nga na ang walang hanggang "Buhay" na 'yun ay hango sa siya ring salita na ang ibig sabihin ay "Buhay ng Diyos." Ang salitang Zoe, salitang Griyego, na ang ibig sabihin ay "Buhay Mismo ng Diyos."

13 Kung kaya naman, tayo'y naging anak na lalaki o anak na babae ng Diyos, supling ng Diyos, na may bahagi ng Buhay ng Diyos sa atin. Di na tayo kailan pa mapapahamak gaya na ang Diyos ay di mapapahamak, subukan man. Kaya, may walang hanggang Buhay na tayo; at ibabangon muli sa huling araw. Ito po ba'y kahanga-hanga? [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.] Ibubunsod nga n'yan na ang mga Baptist, Methodist, ay magkamayan sila't sumigaw. Hindi po ba? Siyanga. Tama.

14 Yan nga ang maganda sa makalumang relihiyon. Sadya ngang maibubunsod nito na ang lahat ay maupong sama-sama at magmahalan sa isa't isa. Siyanga. Aalisin ang lahat ng di pagkakapareho, magiging mga bagong nilalang. Magagawa nga nitong ang isang—isang naka-tuxedo, at isang naka-overall, ay magyakapan sa isa't isa at sabihin, "Kapatid, kumusta ka na?" Siyanga. Ganoon nga. Magagawa nitong ang isang naka-seda, at isang naka-katsa, na ilagay nila ang bisig sa isa't isa at sabihin, "Kapatid, mahal kita." Yun nga ang idudulot nito. Yun talaga, na sadyang titibagin ang di pagkakapareho. "Mayaman o mahirap, alipin o malaya, lahat tayo'y isa kay Cristo Jesus."

15 Nung Linggo, sa tabernakulo, haya't may mga nakikita ako ritong isang grupo ng mga dumadalo sa tabernakulo, kami'y tumalakay—kami'y tumalakay ng—ng isang araling Sunday school tungkol sa, "katubusan sa pamamagitan ng dugo." Ako nga'y sadyang napuspos dun, na pakiramdam ko'y nasa ibang ibayo pa rin ako sa kung saang dako, tungkol sa: *Katubusan Sa Pamamagitan Ng Dugo*.

16 At ngayong gabi, pagkatapos na makagayak ng pamilya't makadako rito nang maaga, para mapakinggan ang gawain sa mga awitan, at iba pa, ako 'y nasa silid. At para bang. . . Aking binabasa po ang Kasulatan, at may nakita akong isang bagay.

Naisip ko, "Buweno, kung loobin ng Panginoon, ako'y sadyang mangungusap tungkol sa bagay na ito ngayong gabi."

17 Iyon pong, *Katubusan Sa Pamamagitan Ng Dugo*, nung Linggo po ito. Ngayon, sa gabing ito, ako nama'y mangungusap tungkol sa *Katubusan Sa Pamamagitan Ng Kapangyarihan*. At bukas ng gabi mangungusap naman ako tungkol sa *Katubusan Sa Kalubusan*, (kung loobin ng Panginoon, ito pong), *Sa Galak*. Sa dugo, sa kapangyarihan, at sa galak; katubusan!

18 At para magawa ito. . .Ngayon, marami po, ang maiinam, edukadong mga iskolar na magagaling talaga sa pagtugaygay at paglalahad ng mga kapahayagang ito, marahil, tungkol *dito*, o *doon*, o iba pa. Pero, ako, ako 'yung tipo ng mangangaral na di po nakapag-aral na. . .Ang tanging bagay lang na alam kong magagawa ko, para masigurado kong ako'y tama naman, kahit papaano, ay tumugaygay sa mga anino. Sabihin na lang nating palakad ako kunwari patungo sa isang pader, at 'yung liwanag ay nandun sa bahaging *ito*, masasabi ko nga kung, kung ano ang itsura ko; kung ako ba'y hayop na apat ang paa, o—o ibon kaya, o ano bang talaga, sa pagtingin kung anong uri ng anino ang nililikha ko sa pader.

19 Ngayon, ang Lumang Tipan ay anino ng Bagong Tipan. Yun 'yung negatibo. Parang 'yung buwan, sa araw; magliliwanag 'yung araw sa buwan, ipaaaninag nito ang liwanag na 'yun sa mundo. At gustung-gusto ko nga ang Lumang Tipan! Punung-puno ito ng mga talinghagang gaya nun, o, maraming-marami talaga. Ngayon, ganap ngang. . .

20 Sa Genesis, noong lalangin ng Diyos ang—ang araw, una muna, at 'yung buwan kasunod, 'yung buwan at araw na 'yun ay kumakatawan kay Cristo at ang Iglesya. Kung paano ngang ang araw ay sumisikat sa kapangyarihan at kaluwalhatian nito; at kapag lumubog na, pinaaaninag nito ang liwanag nito sa buwan, sa kadiliman, upang magbigay ng liwanag sa mundo habang wala ang araw. Si Jesus, noong Siya'y lumisan, Siya'y dumako sa Kaluwalhatian at pinaaninag ang Liwanag Niya sa Iglesya; upang bigyan, ang Iglesya, ng Liwanag ng Ebanghelyo hanggang sa Kanyang pagbabalik, oh, ang ganda, at sila'y ikakasal na. Magiging kahanga-hanga nga ito. Magiging isang dakilang Liwanag 'yun ng buwan at. . . "Ang Cordero ang ilaw roon." Hindi na nangangailangan ng araw, sa Bayan na 'yun.

21 Ngayon bilang pambungad na tagpo, balikan natin uli ang Exodo. At umaasa akong di po kayo magsawa sa pangungusap ko lagi rito sa Exodo.

22 May isa nga pong beses, sa simbahan ko riyan sa tawid ilog lang, nangaral po ako, sa palagay ko, nang halos isang taon at anim na buwan, patungkol kay Job, gabi-gabi. Pagbalik uli ng mga tao; kukuha ako ng ilang bahagi ng Job, at, ipagpapatuloy 'yun, tutugaygayin namin 'yun sa buong Biblia.

23 Bawat Kasulatan ay lumalakip nang saktong-sakto sa isa't isa. Walang salungatan sa Salita ng Diyos. Wala, po. Katiting mang detalye, ay ganap! Ang tanging Aklat lamang na naisulat na ganoon na lamang ang inspirasyon dun, na ganap na ganap nitong. . . Maraming manunulat ang nagsisulat, at daan-daang taon ang pagitan nila sa isa't isa; at ang bawat isa sa kanila, sa pamamagitan ng pagsasalita ng Espiritu Santo, ay saktong-sakto ang pagkakalakip sa isa't isa. Yan ang dahilan, at ang lahat nitong mga karagdagang aklat, itong Macabeo at iba pa, hindi sila lumalakip Dito, kaya naman di ko ito tinatanggap. *Ito ang* Salita ng Diyos, para sa akin.

24 At mangyari ngang may isang babae na sumulat sa akin ng liham at ang sabi. . . Ipinapangaral ko noon; 'yung tungkol kay Job na nakaupo siya sa abo. Sabi niya, "Kapatid na Branham, iyo pa ring, pinauupo si Job sa abo na 'yun nang matagal-tagal na, sa tingin mo? Halos mag-aanim na linggo na." Sabi, "Naku, kailan mo siya tatanggalin sa pagkakaupo sa abong 'yun?"

25 Buweno, sabi ko, "Kapag tumigil na ang Espiritu Santo na itinutulak palabas ang mga Salitang 'yun doon, sa palagay ko doon pa lamang ako titigil sa kasasabi tungkol dito." Pero hanggang sa pinasasabi Niya sa akin ang tungkol sa kanyang pagkakaupo sa abong 'yun, buweno, mananatili lang ako roon; at ang mga kaluluwa'y nangaliligtas.

26 Kaya, katulad ito sa ebanghelista, na nagpunta sa bayan. Nangaral siya, isang gabi, nangaral siya tungkol sa pagsisisi. Nung sumunod na gabi, nangaral siya tungkol sa pagsisisi. Nung sumunod na gabi, nangaral siya tungkol sa pagsisisi. Pagkatapos ng apat o limang gabi, pinulong siya ng lupon ng mga diyakono at sabi, "Kapatid, wala ka na bang ibang kayang ipangaral maliban sa pagsisisi?"

27 Sabi, "Oh, mayroon naman. Pagsisihin natin silang lahat, muna, pagkatapos mangangaral ako ng iba." Haya't napaka—napaka gandang ideya po. Sila, bawat isa, magsisi muna, tapos puwede na tayong mangaral ng iba. Sige.

28 Para sa kaunting pambungad na tagpo, para sa mga, o lalong-lalo na sa mga wala sa Tabernakulo noong Linggo ng umaga. Mamarapatin natin na balikan ang ika-12 kabanata. Pero ang pagbabatayan talaga natin ngayong gabi ay 'yung ika-14 na kabanata, simula sa ika-13 talata ng Exodo. Ngayon, tumigil po tayo rito sa ika-10 talata, nung Linggo ng umaga, patungkol sa "*katubusan sa pamamagitan ng dugo*." Marami sa inyo ang alam na ang kuwentong ito, sigurado ako.

29 Ngayon alam natin na maaari nating buklatin ang bawat papel ng Aklat na ito, at buklat-buklatin ang mga pahina nito. Pero may tanging Isa lang Na makapagbubukas ng Aklat, 'yan ay si Jesus Cristo.

30 Nakita ni Juan ang Aklat. Nakaselyo ito. "At siya'y umiyak nang mainam sapagkat walang sinuman sa Langit ang marapat na buksan Ito, wala sa ibabaw ng lupa, wala sa ilalim ng lupa. Subalit may Cordero na pinatay bago pa itatag ang mundo, na lumapit para kunin ang Aklat na ito sa kanang kamay Niyaong nakaupo sa may Luklukan, at binuksan ang mga tatak at—at binuksan ang—ang Aklat, tinanggal ang mga tatak nito. At Siya ang karapat-dapat, sapagkat Siya ay pinatay na bago pa ang pagkatatag ng mundo."

31 Atin Siyang kausapin, ngayong gabi, at hilingin natin sa Kanya na buksan Ito para sa atin sa mga sandaling ito.

32 Ngayon, mabuti't, mapagmahal na Ama, kami ay lumalapit sa Iyo, dumudulog sa Iyo, unang-una, sa Pangalan ni Jesus. Dalangin namin ngayon, na, sa pagkakatayo namin sa dakong ito, na ligtas sa silong ng bubungang ito, ngayong gabi, habang bumabagyo nang malakas sa labas, malakas ang buhos ng ulan at humahanging maigi, kami po'y nagpapasalamat sa bahay ng Diyos na ito na aming natutuluyan. At kami'y nagpapasalamat na mayroong moog, dakong makukublihan; Iyong sinabi, "Ang Pangalan ng Panginoon ay matibay na moog; tinatakbuhan ng matuwid at naliligtas." Kami'y nagagalak na nababatid namin ang Pangalan ng Panginoon, at nakapasok kami Rito.

33 Ngayon dalangin namin na Iyo pong buksan ang Salitang ito sa amin, ngayong gabi, Ama. Nawa ang Espiritu Santo ay bumaba at pumisan sa Salita. Iyo pong tuliin ang mga labi ng aba't nagpapakumbabang lingkod na ito, at ang mga puso ng mga pumarito na makikinig, na Iyong mga anak. At nawa ang Espiritu Santo ay kunin ang natatalagang mga Salita ng Diyos at ilagay Ito sa bawat puso, kung saan Ito tunay na kailangan. Kami po'y pagpalain ngayon. Papagbaguhin nawa ang aming mga isipan, ngayong gabi, sa Iyong Espiritu. Ika'y maluwalhati sa gawaing ito. Iyong iligtas ang mga naliligaw. Pagalingin ang mga maysakit. Ipanumbalik sa Tahanan ang mga tumalikod sa pananampalataya, Panginoon. At aming ibibigay po sa Iyo ang papuri, sapagkat hinihiling namin ito sa Iyong Pangalan, ng Iyong minamahal na Anak, na si Jesus. Amen.

34 Ngayon bumuklat tayo sa ika-10 talata ng ika-12 kabanata ng Exodo. Binabasa natin ang, "*katubusan sa pamamagitan ng dugo*," kung papaanong nagtalaga ang Diyos ng isang kordero na dapat patayin sa bawat tahanan, kung papaanong dapat na walang itira.

35 Ang mga kahatulan ay ipapataw na noon, at ang huling kahatulan ay malapit na noong ipataw. Tutuparin na noon ng Diyos ang Kanyang Salita, hanggang sa pinaka letra. At 'yung lahat ng mga kahatulan na 'yun ay ganap na tanda, o ganap na tipo, ng mga kahatulan na nakaamba nang ipataw ngayon.

36 At kung mapapansin n'yo, bago maipataw ang kahatulan. Ngayon may mga ministro na maaaring di sang-ayon sa akin sa bagay na ito, na ayos lang naman 'yun. Pero bago nga simulang tumama ang kahatulan sa Egipto, pinalikas muna ng Diyos ang Israel papuntang Gosen. Sila'y nasa Gosen, at walang salot na sumapit sa kanila. Isang ganap na tipo ng Iglesya na ililikas sa isang dako, sa panahon ng kapighatian, kita n'yo. Sige.

37 Pagkatapos 'yung huling salot na tumama sa lupa roon, o tumama sa Egipto, ay kamatayan. Lahat kayo na nagbabasa ng Biblia rito, alam na alam n'yo ang mga aralin n'yo sa Sunday school at lahat na, natalakay n'yo na ito, marahil, ilang beses pa nga. Pero, hayan nga't kamatayan ang pinakahuling kaaway na tumama sa Egipto.

38 At ang pinakahuling kaaway na tatama sa iglesya ngayon ay kamatayan, sa espirituwal na pananalita. Sila na mga hindi magsisisunod kay Cristo, sa—sa bautismo ng Espiritu Santo, ay matutuyo sa espirituwal at mamamatay; ang mga kaiglesyahan, nakikita n'yo na ito ngayon. Matapos ang maraming, maraming mga dakilang rebaybal at mga ebanghelistang nagsipagdaan sa lupaing ito, at, sa kabila nun, ang iglesya, yaon ngang, iglesya sa politikal na pananalita, ay tuluyang lumalala nang lumalala sa paglipas ng panahon. Ang mga miyembro nila ay nabubuhay sa paraang gusto nila, ginagawa ang anumang bagay na gusto nila, pero, inaangkin nilang sila'y mga Cristiano, at sinasabi pa nilang ayos lang daw 'yun.

39 Ang pagiging *Cristiano*, ang ibig sabihin nga nito'y maging "katulad-ni-Cristo." Hindi ka pupunta sa isang lugar na ayaw mong maabutang naroon ka kapag dumating si Cristo. Hindi ka magsasalita ng kung anong bagay na ayaw mong maabutan ka na sinasabi mo 'yun kapag dumating si Cristo. Hindi ka gagawa ng kung anong bagay na ayaw mong maabutan ka na ginagawa mo 'yun kapag dumating si Cristo. Hindi ka mag-iisip ng kung anong bagay na ayaw mong maabutan kang iniisip ang bagay na 'yun kapag dumating si Cristo. Itutuon mo lamang ang isa mong hangarin, ang iyong puso na nakasentro sa Kalbaryo. Amen. "Lalakad sa Liwanag, na gaya Niyang nasa Liwanag, at may pakikisama tayo sa isa't isa, at ang Dugo ni Jesus Cristo, na Anak ng Diyos, ay nililinis tayo sa lahat ng pagkakasala." Kabilang dito ang mga Methodist, mga Baptist, at lahat tayo, na sama-sama, ibubunsod tayong maging isang lahat sa Kanya.

40 Ngayon, ang huling, ang huling bagay ay 'yung kamatayan. At bago dumating ang kamatayan na 'yun, may pagtutubos munang ginawa para sa kamatayang 'yun, para sa lahat ng nagnanais na mailigtas mula roon.

41 At may pagtutubos ngang ginawa bago ang pinaka unang pagkawasak, ng daigdig bago ang malawakang pagkawasak sa baha. Ang Diyos ay nagtalaga ng mangangaral ng katuwiran, si

Noah, at siya'y nangaral nang sangdaan at dalawampung taon, para pumasok ang mga tao sa daong. At 'yung mga sinasadya nilang tanggihan ang pagpasok na 'yun, wala na ngang bagay na natitira pa sa kanila kundi kahatulan.

42 At, sa panahon ngayon, ang tao na tumangging lumakad sa Liwanag ni Cristo, sinikaran mo ang habag, kaya wala nang anumang bagay ang natitira sa iyo kundi kahatulan. Yun lang. May kanan at kaliwang panig lang, at isa lang dito ang puwede mong panigan. At ikaw ang gumagawa ng pagpili mo.

43 Ngayon, nakita natin, bago dumating ang—ang kalunus-lunos na gabing 'yun, na inutusan ang Israel. At natalakay na natin ito, pumatay sila ng kordero.

44 Dinadala ng Diyos ang Kanyang iglesya sa exodo na 'yun, para ilikas ito palabas ng Egipto, patungo sa lupang pangako. Gusto ko 'yan. Sila'y magpupunta sa dakong 'yun, para kuning pag-aari ang lupain. Ibinigay na sa kanila ng Diyos ang lupaing 'yun, at sa kabila nun ay nahaharangan ang buong lupain ng malalaki't, matatatag na mga gusali't bakod. At 'yung pader nga ng Jerico, magagawa ng mga karwahe na magkarerahan sa ibabaw nun. At isipin n'yo nga 'yun, na sa kabila nun, sinabi ng Diyos, "Akin na itong ipinagkakaloob sa inyo. Sa inyo talaga ito." Pero kinakailangan nga nilang linisin, linisin 'yun.

45 At ganyan mismo ang ginawa ng Diyos sa panahon ngayon. Kanyang ipinagkaloob na sa bawat isa sa inyo, na nag-aasam Nito, ang bautismo ng Espiritu Santo. Pero kinakailangan n'yo ngang pasukin ito, kunin Itong pag-aari, hayan nga; labanan ang mga di pagkakasundo, at tibagin ang mismong mga pader, at humandang pumasok doon at kunin Ito.

46 Sasabihin n'yo, "Sabi ng pastor, 'Di 'yan dito sa panahon natin.'" Lampasan n'yo lang 'yun. "Sabi ni nanay, 'Palalayasin kita.'" Lampasan n'yo lang ito. "Sabi ng asawang lalaki, 'Iiwan kita.'" Lampasan n'yo lang ito. Ganoon 'yun. Kinakailangan n'yong humayo't kunin Itong pag-aari! Ganoon 'yun.

47 Ang Makalangit na pagpapagaling ay para sa bawat isa sa inyo. Sa bawat isa sa inyo na nakaupo rito ngayong gabi, na may kanser, sakit sa puso, anupaman, nagkaloob sa inyo ang Diyos ng pangako. At sa inyo ito, pero kinakailangan n'yong humayo't kunin itong pag-aari.

48 Ngayon sasabihin n'yo, "Buweno, hindi ko maramdamang umigi ang kalagayan ko." Wala 'yang kinalaman dito. Sa inyo na ang pangako. Ibinigay na ito sa inyo ng Diyos. Humayo ka roon at paslangin ang mga Filisteo, mula sa isang gilid papunta sa kabilang gilid. At palayasin mo ang lahat ng mga Heveo at—at mga Amorrheo, patayin n'yo silang lahat. Pumasok ka, kunin mo. Sinabi ng Diyos, "Sa inyo ito. Humayo kayo't kunin n'yo"

49 Haya't di Niya sinabing, "Ngayon, Ako'y yayao, lilinisin Ko nang maigi ang dakong 'yun, at magtatayo ng maiinam na mga

siyudad, at ilalagay kayo sa lansangan na maalwal agad ang buhay." Hindi ganoon ang pamamaraan Niya rito.

50 Ipinagkakaloob Niya ito sa inyo, at may kinakailangan nga kayong gawin. Siya'y tunay na mabuti sa pagkakaloob sa inyo ng lupain, yamang sinabi pa Niyang tutulong sa inyo at sasa inyo. Humayo kayo, at kunin ito!

51 At kung kayo'y maysakit, ngayong gabi, pilay, bulag, bingi, pipi, anuman kayo; humayo kayo't, kunin n'yo. Sinabi ng Diyos na sa inyo talaga ito. Inyo itong pag-aari. Ibinigay ito sa inyo ng Diyos.

52 Sinabi Niya sa kanila na Kanyang ibibigay sa kanila ang lupaing 'yun. Nagsugo ng Anghel para pangunahan sila, para gabayan sila sa paglalakbay, dalhin sila sa lugar na 'yun.

53 Tingnan n'yo po itong mga tiktik na pinapunta roon. Heto ngang bumabalik ang sampu sa kanila, sabi, "Oh, hindi natin kaya. Imposible 'yun. Aba, mga siyentipiko kami at tiningnan na namin 'yun nang maigi. Imposible para sa siyensiya. Hindi namin ito magagawa."

54 Pero may dalawang lalaki nga roon, ang isa sa kanila ay nagngangalang Josue, at 'yung isa ay Caleb. Di nila tinitingnan kung ano bang pakiwari ng panig ng siyensiya. Nakatingin sila sa kung anong sinabi ng Diyos. Sabi, "Kaya natin ito." At tama po 'yun. At sa pagbalik nila'y may bitbit nga silang katibayan na mabuting lupain talaga 'yun.

55 Ako nga'y nagagalak sa katibayang 'yun, (di po ba't kayo rin?) na may mainam na Lupain sa itaas natin! [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.] At tayo'y nasa paglalakbay na natin, ngayong gabi. Hallelujah! Sige.

56 Heto na sila, ngayon, bago lamang ang katubusan. Hiningi ng Diyos sa mga anak ni Israel, na tiyak na maproprotektahan sila, sa pagpatay nila sa korderong ito. At ipapahid ang dugo nun sa itaas na bahagi, sa itaas ng pinto, nang *paganito*; at sa magkabilang haligi.

57 At sila'y papasok sa loob at kakainin ang korderong ito, hanggang sa kaliit-liitang bahagi; pansinin, buong kordero po, hindi lang bahagi nito. Hanggang sa pinaka maliit na bahagi nito ay kinakailangang ubusin.

58 May ilan sinasabi nila, "Kukunin ko lang ang bahaging *ito*, at aking—aking paniniwalaan lang ang bahaging *ito*." Pero ang nararapat nga'y kunin n'yo Ito nang buong-buo, hanggang sa pinaka maliit na bahagi Nito. Sasabihin, "Oh, naniniwala ako na nasugatan Siya dahil sa ating mga pagsalansang, pero, 'sa pamamagitan ng Kanyang mga latay,' di ko alam kung tanggap ko ba Ito." Gustuhin nating lahat Ito. Bawat maliit na bahagi Nito ay kinakailangang kainin; kabuoan Nito. May mga bahagi

Ito na matigas talaga, pero kinakailangan talaga nating kainin Ito, ano't anuman. Yun ang sinabi ng Diyos.

59 Pansinin n'yo ang ika-10 talata ngayon.

> *At huwag kayong—huwag kayong magtitira ng anoman niyaon hanggang. . .kinaumagahan; at ang* matitira*. . .hanggang sa kinaumagahan. . .susunugin sa apoy.*

60 At, ngayon, walang dapat itira roon; dapat ubos. Ngayon, sinabi Niya, "Sa pagkain ninyo rito, huwag ninyo itong kainin nang hilaw, o pinakuluan man sa tubig, kundi kainin ninyo ito nang lutong-luto." At gustung-gusto ko 'yan.

61 Ang mga tao nga sa pagkain nila ng Salita ng Diyos, haya't isusubo nila Ito na para bang hilaw Ito; ngunguyain Ito, at iluluwa Ito, at lahat na. Sasabihin, "Oh, di ko malunok Ito. Di ko matagalan Ito." Hindi kasi naluto nang maigi. Yun 'yun.

62 Sinabi Niya, "Lutuin ninyo sa apoy." Sinasagisag ng apoy ang Espiritu Santo. Ilagay mo ang Diyos sa iyong puso, unang-una, at Ito ang magluluto Nito para sa inyo. Tama. Kailangan Itong maluto nang maigi, lutong-luto, tinimplahan, pagkatapos magiging kaaya-aya na Ito sa panlasa.

63 Ngayon, di nga kayo puwedeng tumayo nang *paganito*, sa labas, sasabihin, "Oh, ako, di ko alam kung para sa akin ba Ito, o hindi. Baka sa mga panahong nagdaan lang ito." Tanggapin mo muna ang Espiritu Santo, unang-una, at pagmasdan mo kung anong magiging kahulugan ng Makalangit na kagalingan para sa inyo sa oras na 'yan.

64 Pagmasdan mo kung anong magiging kahulugan ng tagos-sa-pusong relihiyon sa inyo sa mga oras na 'yan, na tinanggap mo na ang Espiritu Santo para lutuin ang Cordero sa pagparito Nito. Amen. Tama 'yun. Lutuin muna ang Cordero, unang-una. At kakailanganin mo ng Apoy para lutuin Ito. Kinakailangang maluto Ito sa apoy. Oh, grabe, dun nga Ito magiging mainam. Lutuin Ito sa apoy, matutupok nga ang lahat ng. . .

65 Minsan tumayo ako noon, di pa katagalan, sa tabi ng isang hurnong panunaw, at napansin ko kung gaanong kainit talaga 'yung apoy roon, at talagang niluluto nito nang niluluto nang niluluto 'yun. At sa pagtindi ng init nun, 'yung—'yung latak ng mga metal dun, sa ginto, ay nagpupunta sa ibabaw, at pinapalis nila 'yun. At patataasin pa nila nang kaunti 'yung init ng apoy sa loob ng hurnong panunaw. At kapag 'yung pinaiinit dun ay kumulo pa nang husto, marami silang makukuha roon na kung anu-anong bagay, pyrite at mga ganoon, na aalisin nila dun.

66 Yung unang pumapaibabaw dun ay dumi, parang dumi at putik. Yung kasunod nun ay parang mga bato-bato, oh, na di mapapakinabangan; tapos asoge, at kung anu-anong bagay, na iibabaw dun, at papalisin nila 'yun. Paunti, nang paunti 'yun,

at 'yung pinaka huling bagay na inaalis nila dun ay pyrite. Yun bang pekeng ginto.

67 Alam n'yo ba na maraming bagay sa isang tao ang nakaka peke sa isa't isa kapag ika'y isang Cristiano na, o umaaktong isang ganoon, kung tutuusin. Kita n'yo? Pero hayaan n'yo lang ang Espiritu Santo ang kumilos at pakuluan ang lahat ng mga bagay na 'yun palabas sa inyo, maaalis—maaalis din ang lahat ng pekeng ginto sa inyo, siyanga.

68 Pekeng ginto, marami ang nakikipagsapalaran sa Kanluran at ang natatagpuan nila dun ay ganun lang, at iniisip nila, oh, nakadiskubre sila ng mina ng ginto. Mas makinang pa nga ito kung tutuusin sa ginto. Pero pekeng ginto ito, wala itong taglay na halaga.

69 At hayan nga't lulutuin nila 'yun, at papalisin nila 'yun, at patuloy nilang iluluto 'yun nang iluluto, hanggang sa umabot na sa purong ginto, papakuluan nang husto hanggang umabot na sa siyento porsiyentong ginto.

70 At ganyan din ang pamamaraan ng Diyos sa Kanyang Iglesya, ibubuhos Dito ang Espiritu Santo, at lulutuin 'yun nang husto hanggang sa umabot sa puntong Kanyang iwawaksi ang lahat ng pagka-makasanlibutan at mga di-pagkakasundo, at pagiging makasarili, at lahat ng ito, hanggang sa Kanyang mapakuluan ito palabas ng bawat indibiduwal na lalapit sa Kanya. Amen.

71 Ngayon, pagkatapos nga'y, makakain n'yo na ito. Heto ang isa pang napaka gandang kaisipan dito, dito sa—dito sa ika-11 talata.

> *At sa ganitong paraan ninyo kakainin ito; ang inyong*. . .(pakinggan n'yo po ito). . .*ang inyong baywang ay may bigkis*,. . .(gustung-gusto ko nga ito). . .*panyapak sa inyong mga paa,*. . .*tungkod sa inyong kamay; at dalidali ninyong kakainin ito; ito ang paskua ng Panginoon.*

72 Gustung-gusto ko nga 'yan. Sa inyong pagkain, handa na dapat kayong humayo. Yan ang pinaka punto.

73 Bumuklat po tayo sa Mga Taga-Efeso, dito po sa ika-6 na kabanata ng Mga Taga-Efeso, at tingnan n'yo rito ang sinasabi ni Pablo tungkol sa paghahanda ng Iglesya; ika-6 na kabanata ng Mga Taga-Efeso, simulan natin sa ika-14 na talata ng ika-6 na kabanata.

> *Magsitibay nga kayo, na ang inyong baywang ay may* bigkis *na katotohanan,*. . .*may sakbat na baluti ng katuwiran;*

> . . .*ang inyong mga paa ay may panyapak na paghahanda ng evangelio ng kapayapaan;*

At *bukod* dito, *ay* taglayin *ninyo ang kalasag ng pananampalataya, na siyang ipampapatay ninyo . . .ng nangagniningas na suligi ng masama.*

*At magsikuha rin naman kayo ng turbante ng kaligtasan, at ng tabak ng Espiritu, na siyang salita ng Dios:*

74 Pansinin n'yo rito si Pablo na ginagayakan ang isang tao para sa pakikidigma, para sa pagsulong.

75 Ang Diyos, sa pasimula, sa pagliligtas ng Israel, sinabi Niya, "Ngayon kayo'y nararapat lamang na maghanda na sa pagsulong. Sa pagdaan ninyo sa ilalim ng dugo, magsuot kayo ng inyong panyapak. Bigkisan ang inyong baywang. Ilagay ang inyong tungkod sa inyong kamay at maghanda sa pagtawag." Gusto ko 'yun.

76 Ang tao nga, sa kanyang paglapit kay Cristo, isinusuot niya ang kanyang panyapak na Ebanghelyo, para ipangaral ang Ebanghelyo; isinusuot ang turbante ng kaligtasan; ang baluti ng katuwiran; binibigkisan ang kanyang baywang. May . . .

77 Kadalasan, sa mga sinaunang sundalo, sa tuwing isusuot nila 'yung mga kagayakang 'yun ng pakikibaka, may malaki silang pamigkis. Ibinibigkis nila 'yun nang maigi, nakapalibot sa kanilang mga baywang, itong mga pananggalang na ito, para di sila tamaan ng mga sibat ng kalaban. Isa 'yang mahalagang aral sa atin. At kapag 'yung—'yung baywang nila'y lumuluwag, nawawala sa pagkakabigkis, 'yung mga pananggalang, kanila 'yung hihigpitan sa kanilang pamigkis, para humigpit uli 'yun.

78 Isa nga itong ganap na larawan, sa panahon ngayon, kapag nararamdaman mo nang para bang lumuluwag ka na, o 'yung diyablo'y sinasabi nito, "Wala nang bisa 'yan." Saluhin n'yo sa ibaba at higpitan ang pamigkis nang kaunti; hugutin n'yo ang tabak nang mahigpit-higpit sa inyong kamay, at sumulong. Gusto ko 'yan, maging handa sa pagsulong.

79 Bawat tao na lalakad sa ilalim ng dugong 'yun, ng gabing 'yun, ay inutusan na manatili roon, huwag na huwag lalabas hanggang sa dumating ang utos, na sumulong na.

80 At bawat tao na ipanganak ng Espiritu ng Diyos, lumalapit kay Cristo, ay may walang hanggang Buhay; kanyang isusukbit ang kanyang pananggalang, kanyang baluti, titindig na handa, at pagbabawalan na umalis hanggang sa dumating ang utos na sumulong na.

81 Oh, hindi ba't kahanga-hanga 'yan? Di ba kayo nagagalak na nagagayakan na kayong maigi, ngayong gabi, mga sundalo? [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.]

82 Noon ay may nangunguna sa awitan doon sa Tabernakulo, lagi naming inaawit itong awiting ito:

Labanan ay sisilakbo, Oh Cristianong sundalo,
Harapin ang kalaban nang may katapangan,
Mga baluti'y pinakikintab, mga bandera'y inilaladlad,
Ang tama at mali ay muling magtutunggali;
Labanan ay sisilakbo, pero huwag panghinaan ng loob,
Magpakalakas ka't manghawakan sa Kanyang mainam na kapangyarihan;
Kung ang Diyos ay kakampi natin, bandera Niya'y sumasa atin,
Sa huli'y aawitin natin ang pananagumpay na awitin.

83 Marami sa kanila na mga banal nung unang panahon ay naroon sa libingan. Pero isa sa mga araw na ito, doon sa ibayo sa bagong daigdig, sa kanilang pagmartsa patungo sa Lupang pangako, ang bandera ng krus ay papaibabaw sa atin, at tayo ay magsisiawit ng pananagumpay na awitin. Sa oras na 'yun sa Paghapon sa Kasalan sa gabing 'yun, sa palibot ng dulang, ng napakahahabang dulang na 'yun, marahil sandaang libong milya ang haba, kung saan magsisiupo sa palibot ang mga banal na hinugasan ng Dugo. Nais ko ngang lumakad sa kahabaan ng dulang na 'yun at kamayan ang bawat isa sa kanila roon, amen, na talagang makasisigaw ako. Gusto n'yo bang marinig akong sumigaw? Hintayin n'yo po hanggang sa makarating ako sa dakong 'yun; panoorin n'yo ako. Hindi pa nga ganoong kalakas itong boses ko, ngayon, dito.

Pero, pansinin, itong pagsulong na ngayon. Magsipaghanda kayo. Tayo'y paroroon na.

84 Heto nga ang nakalulungkot na larawan dito, bago tayo dumako sa regular nating aralin, makikita ito sa ika-38 talata rito. Pakinggan n'yo.

*At isang karamihang samasama ang sumampa rin* kasabay ang kanilang *mga kawan*. . .

85 Diyan nagkamali ang Israel. Naganap ang sobrenatural. Isang karamihan ng mga taong hindi pa nababagong-loob ang nagsisunod din dahil sa sobrenatural, ang nagbunsod sa kanila na mapahamak. At kung ibababa n'yo ang basa, mapapansin natin dito, dito sa ika-42 talata at ika-43 talata. Nagsasalita ang Panginoon kay Moises, sabi, heto, "Walang iba kundi yaon lamang hain. . . o kakain ng hain," ang ibig kong sabihin, "yaon lamang na mga tinuli. Walang taga-ibang lupa, walang taga-labas, walang sinuman ang kakain nito kundi yaon lamang mga tinuli."

86 At isang kalapastanganan ito sa atin ngayon, sa panahong ito, mga minamahal kong kaibigan; na sa tuwing, sa iglesya, ang lahat ng kaanib ng iglesya ay nakikibahagi sa komunyon.

At mali po ’yun. Sila lamang na mga natubos, sila lamang ang karapat-dapat.

87 Nagsalita minsan si Isaias at nagsabi, “Ang mga dulang ng Panginoon ay puno ng suka.” Sabi, “Kanino ako magtuturo ng Balita? Sa kanila nga na nangalayo sa suso.” Sabi, “Ang utos ay lalakip sa utos; bilin sa bilin; dito’y kaunti, at doo’y kaunti.” “At ingatan ninyo ang mabuti.” Ang Diyos ay nagsalita, batid na sa araw na ito na kinabubuhayan natin, ang kaiglesyahan ay magiging politikal na masyado, na papayagan na lang nila ang lahat, ng mga tao, na magsipasok; basta’t nakalagay ang mga pangalan nila dun sa aklat ng pagdalo ng simbahan, sila’y mga miyembro, sila’y makikibahagi sa komunyon.

88 At sabi ng Biblia, “Sinumang kumain at uminom nito, na di nararapat, ay nagkakasala sa katawan at Dugo ng Panginoon.”

San Juan, ika-13 kabanata, nagsasalita si Jesus.

89 Ikalawang Mga Taga-Corinto sa ika-11 kabanata, sinabi ni Pablo, mga taon ang nakalipas, na, “Sinumang kumain at uminom nito, na di nararapat, ay magkakasala sa katawan at Dugo ng Panginoon. Kaya dapat siyasatin ng tao ang kanyang sarili,” ang sabi niya, “bago kumain.” Sinisipi ko po rito ang Kasulatan. Siyanga. “Ang kumakain at umiinom, na di nararapat, ay kumakain at umiinom ng hatol sa kanyang sarili, sa di niya pagkilala sa katawan ng Panginoon. At dahil dito’y marami sa inyo ang masasakitin at mahihina, at hindi kakaunti ang nangatutulog.” Siguraduhin mong nakatindig kang tama sa Diyos.

90 Heto nga ito sa anino, na, walang kahit sinong iba dapat kundi ang mga tinuli lamang! Kahit gaano pa siyang katapat, gaano pang pagsusumikap niya na tulungan ang iglesya ng mga Judio; kinakailangan niyang maging kabuklod, kinakailangan niyang maging tunay na tinuling mananampalataya, bago siya makibahagi sa komunyon, o kumain ng paskuwa. Oh, masyado na tayong napapalayo sa tinutugaygay natin ngayon!

91 Ngayon bilisan na natin ngayon, kung ganun. At inilabas sila ng Diyos nung gabing ’yun. Dumako na po tayo ngayon sa ika-13 talata ng ika-14 na kabanata.

92 Nagbigay ang Diyos ng Haliging Apoy para pangunahan sila. Sa palagay ko may litrato sila nito rito, ngayong gabi. At sinasabi ko po ito nang may pagpipitagan. Sa tapat ko lamang pong opinyon, habang narito po tayo ngayon sa pagbubuklod na ito ngayong gabi, naniniwala po ako na narito Iyon kasama natin ngayong gabi. Ang siya ring Haliging Apoy na ’yun na nanguna noon sa mga anak ni Israel, ay nangunguna sa atin ngayon, nagpapamalas ng siya ring mga tanda’t kababalaghan. At kahit sinong tagapagturo, o mag-aaral ng Biblia, ay alam niya na ang Anghel na nakasunod sa Israel at naggagabay sa kanila patungo sa lupang pangako, ay ang Anghel ng Tipan, na si Jesus Cristo.

93 At, ngayon, "Si Jesus Cristo na siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman" ay nakasunod nangunguna sa grupong ito na maaari n'yong tawagin na mga holy-roller, kung gusto n'yo. Sige. Sumusulong, nangunguna mula sa isang pananagumpay patungo sa isa na namang pananagumpay! Purihin ang Diyos!

94 Ang mga bansa noon, nung panahon nila, sila'y hinamak at kinamuhian at tinanggihan, at itinatakuwil ng mga bansa, at binansagan pa ng lahat ng maibabansag.

95 Ganun din ito ngayon, sa totoong mananampalataya. Kayo, sa inyong mga iglesya, alam n'yo, kapag maninindigan ka kay Cristo at sasalitain mo ang Katotohanan, ang buong iglesya ay magsasabi, "Tingnan n'yo siya! Nawala na siya sa tamang pag-iisip niya. Nabaliw na siya." Kita n'yo?

96 Huwag n'yong pansinin ang bagay na ganun. Sumulong ka lamang. Ika'y nagagayakan na ng baluti ngayon. At ang Dugo ay naritong nangunguna sa harap mo; pinangungunahan ka ng Espiritu Santo. Kaya sumulong ka lang. Huwag mong pansinin ang sinasabi-sabi ng kung sinu-sino riyan. Ituon mo ang iyong paningin diretso sa Kalbaryo, at sumulong ka. Napaka gandang tipo!

97 Ngayon, sila'y nakalabas na, palayo, at nagkamit ng. . . At ngayon pansinin po, inilabas sila ng Egipto sa pamamagitan ng katubusan sa dugo, ngayon kinakailangan nilang kamtin ang isa uling bagay ngayon para dalhin sila papasok ng lupain. Ngayon simula pa lamang ito ng pag-usad nila. Sila'y lumabas, natuli, lumabas sa ilalim ng dugo, at sumusulong na. Ngayon nagkamit nga sila ng isang bagay roon. Sila'y naglalakbay dun, nalalamang sila'y lumipat na mula sa kamatayan patungo sa buhay; alam nilang kamit nila ang Buhay na Walang Hanggan.

98 Pero heto nga sila, paparating na ngayon, at nagsimulang umahon ang pag-uusig. Heto nga't dumarating ang hukbo ni Faraon, tinutugis sila, para gapiin sila. Dumating ang pagka bagabag.

99 Pakinggan! "Ang Diyos ay ating kanlungan at kalakasan, isang handang saklolo sa kabagabagan." Oh, umaasa akong makikita n'yo ito. Kita n'yo? Heto na po ito. Alamin. . . Pero, pakinggan n'yo po, sa ika-13 talata na ngayon.

> *At sinabi ni Moises sa bayan, Huwag kayong matakot, . . .*

100 Gustung-gusto ko 'yan. Pagkatapos na magbangon ni Jesus sa patay, ang Kanyang Salita sa tuwina ay, "Huwag matakot."

101 Yan ang problema sa Iglesya sa panahon ngayon, takot na takot na halos ikamatay nilang mabibigo sila. Papaano kayo mabibigo kung nakay Cristo kayo? Di kayo puwedeng mabigo. Kamit mo na ang walang hanggang Buhay. Pagsama-samahin man ang lahat ng demonyo sa impyerno'y di ka nila maliliglig.

Kamit mo na ang walang hanggang Buhay. Sinabi ito ni Jesus. Kaya huwag kang matakot na baka mabigo pa.

102 Sasabihin n'yo, "Buweno, natatakot akong baka maging panatiko ako." Mas gugustuhin ko pang magtaglay ng kaunting pagkapanatiko kaysa naman maupo na lang at walang gawin. Siyanga. Isang taong may bagay na gagawin . . .

103 May isang kuwento nga noon dito sa Ballard's, may lalaki raw na dumating para makakuha ng trabaho sa kanya, at ang sabi niya, "Isulat mo ang pangalan mo rito." Kinuha nung lalaki 'yung lapis niya, para magsulat. Sabi niya, "Nasaan ang pambura mo?"

Sabi, "Hindi ako . . . hindi ako nagkakamali."

Sabi niya, "Di kita magagamit; wala kang gagawin kapag ganyan."

104 Tama nga naman. Kung hindi ka nagkakamali, wala kang— wala kang gagawin. Sumulong tayo, kapatid. Humayo tayo at magpatuloy. Gustung-gusto ko nga si Longfellow rito:

> Huwag mong sabihin sa akin, na pagbibilang
> lamang hanggang pagluluksa,
> Ang buhay ay isa lamang panaginip na walang
> mapapala!
> At ang kaluluwa'y patay na heto nahihimbing,
> At ang mga bagay sa buong paligid di tunay sa
> inaakalang dating.
>
> Sinasabi ko, oo, buhay ay tunay! At buhay may
> tinutugaygay!
> At di hukay ang huling panukala ng buhay;
> Ikaw ay alabok, babalik sa alabok,
> Binigkas pero kaluluwa'y hindi kalahok.
>
> Kung kaya't tayo'y tumindig at magpunyagi,
> Na buo ang puso sa anumang pagliligalig;
> Huwag maging bakang kimi, na pinasusunod
> lamang sa marami!
> Maging bayani!

105 Huwag n'yo nang hintaying hihikayatin pa kayo ng mga tao kay Cristo. Tumindig kayo na parang isang lalaki o binibini, tanggapin n'yo Siya, at lumakad kayo pasulong sa tagumpay. Amen. Yan ang ninanais ng Diyos, dumaan sa hirap, na mga sundalong handa lagi. Marahil di ka, tumitimbang ng sandaan at limang libra, pero maaari ka pa ring maging puno ng alab, kapatid, at punung-puno ng lakas, kung hahayaan mo lang ang Diyos na gawin ang Kanyang pamamaraan. Nakakita na ako ng kalalakihang tumitimbang ng dalawang daang libra, pero ni isang onsa ng pagkalalaki'y wala sila. Siyanga. Sige. Pansinin.

> . . .*Sinabi ni Moises sa bayan, Huwag*. . .*matakot, magpakatatag kayo, at tingnan ninyo ang pagliligtas ng* P*ANGINOON*, . . .

106 Napakainam nga nito. Sumulong lang kayo. Huwag n'yong katakutan ang kung anu-anong bagay. Kung tinanggap n'yo na si Cristo bilang sarili n'yong Tagapagligtas, sumulong lang.

107 "Kapatid na Branham, inaasam ko po ang Espiritu Santo." Haya't magpatuloy ka nga sa pagsulong. Huwag matakot.

108 Sasabihin n'yo, "May sakit po ako, Kapatid na Branham. Di ko na yata kayang magpatuloy pa." Huwag panghinaan ng loob. Magpatuloy lamang sa pagsulong; tingnan n'yo lamang ang pagliligtas ng Panginoon! Tanggapin n'yo ito. Sumulong lang.

109 "Paano 'yun mangyayari? Tinanggihan na ako ng doktor." Ngayon, nagawa na nung doktor ang pinaka mainam niyang magagawa, pero di pa nagagawa ng Diyos ang pinaka mainam Niyang magagawa. Siyanga.

110 Sandali lang po, pakinggan n'yo siya. Sige.

> . . .*ng* P*ANGINOON, na* ipapakita sa *inyo ngayon: sapagka't ang mga Egipcio* (mga manunuya, patunay-. . .pasimuno ng kaguluhan). . .

111 Sasabihin, "Kapatid na Branham, kung magagawa ko lang sana na itigil na itong paninigarilyo! Kung magagawa ko lang sana na ihinto na itong pag-inom ko ng alak! Kung magagawa ko lang sana na itigil na ang pagnanakaw ko! Kung magagawa ko lang sana na itigil na itong ginagawa kong *ganito*, *ganoon*, at *iba pa*." Huwag kayong panghinaan ng loob. Lumakad lang kayo. Ang Diyos ang bahala sa mga bagay na ito.

112 "Kung alam ko lang sana ang dapat kong gawin, Kapatid na Branham, tatanggapin ko si Cristo ngayon mismo." Huwag kayong mag-alala. Umusad kayo. Sumulong kayo. Makikita n'yo ang pagliligtas ng Panginoon!

> . . .*sapagka't ang mga Egipcio na inyong makikita ngayon, ay hindi na ninyo uli makikita magpakailan man*. (Amen. Maaayos din ang lahat, pagdating ng oras.)
>
> *Ipakikipaglaban kayo ng* P*ANGINOON, at* kayo ay. . . *kayo'y tatahimik*.
>
> *At sinabi ng* P*ANGINOON kay Moises, Bakit humihibik ka sa akin? salitain mo sa mga anak ni Israel na sila'y magpatuloy na yumaon:* (Gusto ko ito.)

113 Huwag n'yong pangatuwiranan pang sabihin, na sasabihin n'yo, "Buweno, umanib ako sa iglesya, sampung taon na ang nakararaan, Kapatid na Branham. Ako'y naging mabuti't tapat na miyembro." Mainam 'yan; nalulugod ako sa ganyan. Pero sumulong na tayo, ngayong gabi. Ang Diyos ay sumusulong.

Ang mga tao ngayon, heto, binabalikan nila 'yun, sasabihin nila, "Buweno, ngayon . . . "

114 Ang siyensiya, sangdaan at limampung taon ang nakalipas; may isang siyentipiko noon sa Pransya, ang sabi, "Kung ang isang tao'y bubulusok sa katakot-takot na bilis na trenta milya kada oras, bibitiw siya sa hatak ng mundo't tatalsik palayo sa lupa, at mapapasa ere siya." Huh! Trenta milya kada oras? Ang tao'y bumubulusok na ngayon ng labing anim na daang milya kada oras. Di mo na maririnig ang siyensiya na bumabaling pa pabalik sa taong 'yun. Siya'y tama sa panahon niya, pero sila'y nabubuhay na sa ibang panahon. Siyanga.

115 Pero, tayo na mga mangangaral, oh, di nga tayo ganoon. "Makalangit na pagpapagaling kamo? Ngayon hayaan mong tingnan ko lang kung anong—anong sinasabi ni Santo Moody, Finney, Knox, Calvin, ng ilan sa kanila patungkol Dito." Sila nga'y tama dun sa panahon nila noon. Pero tayo'y umuusad na, sumusulong na. Kamit na natin ang isang bagay.

116 Sinabi ni Jesus, sa isang talinghaga roon, ng manghahasik, noong humayo ang manghahasik at naghasik ng mga binhi. At may . . . May kaaway na dumating nang panakaw at naghasik ng mga damo sa gitna ng mga trigo. Sinabi niya, "Hayaan n'yo silang tumubo nang magkasabay."

117 Lagi n'yong itinuturo na ang sanlibutan ay pasama na nang pasama, pero bigo naman kayong makita kung papaanong ang Iglesya ay palakas nang palakas din, nang magkasabay. Siya ay lumalago, tumitindig sa may pataniman. Oh, isa lamang Siyang munting kawan, pero, kapatid, ang Diyos ay kapiling Niya. At Siya ay magtatagumpay nang sintiyak ng pagbangon ni Cristo sa patay. Amen. Ang Iglesya ng Diyos ay di kailan mabibigo. "Ang mga pintuan ng impyerno ay hindi magsisipanaig laban Dito." Pinapakita nga riyan na sila'y magiging laban Dito, pero hindi sila makakapanaig. Ang Iglesya ay magtatagumpay, sa pamamagitan ng Dugo ni Jesus Cristo, na may pananagumpay na pagsulong. Ako'y siguradong-sigurado sa isang bagay na ito, na ang Diyos ay magkakaroon ng Iglesyang walang dungis, kulubot, o kapintasan. Amen. Ako nga'y nagagalak nang lubos sa bagay na 'yan.

118 Ngayon, "Kung ako'y kabilang sa Iglesyang 'yun." Amen. "Kapatid na Branham, papaano ka nga makakapasok Dito, sa pamamagitan ba ng sulat?" Hindi. "Papaano ka makakapasok Dito?" Sa pamamagitan ng Kapanganakan; maipanganak ka sa loob Nito!

119 Ako'y kabilang na sa pamilya Branham, nang apatnapu't limang taon na, sa darating na ika-anim ng Abril, at ni minsan ay di nila ako hinikayat na mapabilang sa pamilya nila. Ako'y ipinanganak na Branham. Ako'y Branham sa tuwina.

120 Ako'y ipinanganak na isang Cristiano, kay Jesus Cristo. Ako'y magiging Cristiano sa tuwina, dahil itinalaga na ito ng Diyos, sa pamamagitan ng paghirang. Kanya tayong tinawag, sa pamamagitan ng biyaya ng Kanyang Sariling minamahal na Anak. Atin Siyang tinanggap at nakamit natin ang Buhay na Walang Hanggan. "Sa isang pakikipagkamay ba"? "Sa isang pakikianib ba"? "Sa isang sulat ba"? "Sa isang Espiritu ay binabautismuhan tayong lahat sa isang Katawan, kay Jesus Cristo," at diyan nga'y naging mga kapwa mamamayan tayo sa Kaharian.

121 Iniisip ko nga kanina, nung nasa labas ako't nananalangin, na kung paanong ang araw na ito'y ang araw na pananagutan natin. Hindi ako pananagutin sa henerasyon na nauna bago sa akin, o henerasyon na darating pagkatapos sa akin. Pero, sa Paghatol, ako nga'y tatayo sa henerasyon na ito. At sinabi ko nga, "Tingnan mo nga naman, isang litrato ng babae sa isang anunsyo, painum-inom ng serbesa, o parang ganoon, ang sabi nung babae siya'y halos 'di makahinga sa mangha,' o parang ganoon." Sabi ko, "Siyanga, at walang-Buhay, rin." Buweno. Hayan na nga. Ang sabi ko, "Grabeng kalapastanganan!"

122 "Sa kabila ng lahat ng pagpapangaral," sabi ko, "minsan para bang," nabanggit ko noon sa maybahay ko, ang sabi ko, "minsan para bang wala namang naidudulot na mabuti. Pero kinakailangan kong maging tinig ng babala, ano't anuman, maski ano pa ang gawin ng tao sa bagay na ito. Kinakailangan kong ipangaral ang Ebanghelyo, ano't anuman, at magbigay patotoo sa pagkabuhay na mag-uli at Kapangyarihan ni Jesus Cristo." Bahala sila kung lalayasan nila Ito, at tatalikuran; hahatulan sila ng Diyos sa Paghatol dahil sa ginawa nilang 'yan. Ang tungkulin ko lang ay mangaral, at ganoon din ang ibang mangangaral, na nangangaral ng Ebanghelyo.

123 Ngayon, sadya ngang iniibig ko Ito. Pansinin, "Magpatuloy na yumaon," at makikita n'yo ang kaluwalhatian ng Diyos. Pero, pakinggan n'yo, sa ika-16 na kabanata ngayon. Mababasa natin ito.

> . . .*At itaas . . . ang* tungkod, . . .

124 "Ang tungkod," ito nga ang tungkod ng kahatulan. Ngayon, hindi po ito tungkod ni Moises. Tungkod ito ng Diyos. Kung mapapansin n'yo, si Moises, hahawakan niya ang tungkod na 'yun, itataas niya nang *paganoon*, magsisilabasan 'yung mga kuto. Itataas niya 'yun sa ibabaw ng mga tubig, magiging dugo 'yun. Tungkod ito ng kahatulan ng Diyos. At ang siya ring tungkod na 'yun . . . Kunin n'yo ito! Ang siya ring tungkod na 'yun na ipinanghampas niya sa bato; at nagkaroon ng biyak sa gilid nung batong 'yun, at lumabas ang tubig sa batong 'yun.

125 Ngayon, ang batong 'yun ay si Cristo, at ito ang kahatulan ng Diyos. "Sa araw na kanin ninyo ito, sa araw na iyon kayo'y

mamamatay." Hinampas si Cristo sa Kalbaryo, at binayaran ang napakapait, at kahindik-hindik na kamatayan. Walang tao, ang nagawang maisalarawan 'yun, o walang makasasalarawan nun kahit kailan. Doon nga'y ipinasan ng Diyos ang lahat ng Makalangit na kahatulan sa Kanya, at hinapak Siya sa tagiliran, na mula sa Kanyang tagiliran ay lumabas ang tubig at Dugo at Espiritu, para sa ating katubusan.

126 May mga tao ngang kung ipipinta nila ang larawan Niya, kung minsan, may balabal na nakasaplot sa Kanya, o parang ganun, sa krus. Di po 'yun ganun. Inilantad nila ang Lalaking ito, sa lahat ng kahihiyan, kahalayan na magagawa nila; pero kinakailangan nga Niyang pagdaanan 'yun. Hayun nga Siya, ang kataas-taasan at maharlika sa lahat ng maharlika sa buong mundo, sa panahon mang nagdaan at hinaharap. At inilantad nila, nakahubad, sa krus; sugatan, hinapak, nagdurugo; may naglalakihang mga dura ng panunuya sa Kanyang mukha; may putong na tinik ng pangungutya sa Kanyang ulo. Pero 'yun nga ang sandaling ginapi Niya ang kamatayan, impyerno, sakit, at libingan, at binayaran ang halaga para sa ating lahat.

127 Mababanggit nga, sa pagkakataong ito, "Doon Niya kinuha ang tibo mula sa kamatayan." Diyan nga nasabi ni Pablo, "Oh kamatayan, nasaan ang iyong tibo?"

128 Nabanggit sa akin noon na marami sa mga insekto, tulad ng mga bubuyog at iba pa, may panibo sila, at may lason, 'yun dun. Pero kapag nakapanibo na sila ng isang beses, mawawala na nila 'yung panibo nilang 'yun.

129 Ang kamatayan ay may tibo, isang beses; pero si Cristo, sa Kalbaryo, Kanyang kinuha ang tibong ito mula sa kamatayan. Hallelujah! Oh, kapag naiisip ko talaga ito! Doon nga'y hinugot Niya ang tibo mula sa kamatayan, para sa kapakanan ko at ninyo, hinugot ang lahat ng tibo ng kamatayan.

130 Sinabi ni Pablo, nung panahong pupugutan na nila siya ng ulo, sa bilangguan sa Roma, sabi niya, "Kamatayan, nasaan ang iyong tibo?" Tinuro ang Kalbaryo, at doon nga hinugot ang panibo mula sa kamatayan. "Libingan, saan naroon ang iyong pananagumpay?" Ang sabi niya, "Datapuwat salamat sa Diyos, na nagbibigay sa atin ng pananagumpay sa pamamagitan ng ating Panginoong Jesus Cristo." Amen. Buweno.

> . . .*ang tungkod* (ang kahatulan), *at inunat* ito. . .*sa ibabaw ng—ng dagat, at hawiin mo: at ang mga anak ni Israel ay dadaan sa gitna ng dagat* sa ibabaw *ng lupang tuyo.*
>
> *At ako, narito, aking pagmamatigasin ang* puso *ng mga Egipcio, at susundan nila* kayo: *at ako'y magiimbot ng karangalan kay Faraon, at sa buo niyang hukbo,* at *sa kaniyang mga karro, at sa kaniyang* mga *mangangabayo.*

*At malalaman ng mga Egipcio na ako ang* P*ANGINOON*, *at ako ay nakapagimbot ng karangalan kay Faraon,* at *sa kaniyang mga karro, at sa kaniyang mga mangangabayo*.

*At ang anghel ng Dios, . . .*

131 Pakinggan! Higpitan n'yo na ang pamigkis n'yo ngayon. "At ang Anghel ng Diyos, na nasa unahan ng kampamento ng Israel," hayan nga't narito pa rin Siya.

*. . . ang anghel ng Dios,* na *nasa unahan ng kampamento ng Israel, ay humiwalay at napasa* hulihan *nila; at ang haliging ulap ay humiwalay sa harap nila, at lumagay sa likod nila:* (o umalis sa dakong ito *rito*, at lumagay dun sa likuran *dito*; isang pumapagitna sa panahon ng kabagabagan.)

132 Sa panahon na haharap ka sa kabagabagan, sakit dito sakit doon, bagabag, ang Anghel ng Diyos ay lumilitaw, lumalagi sa pagitan mo at nung karamdaman, at tatayo roon sa daanan, hinahamon ka na panghawakan mo ang Salita ng Diyos.

133 Pinagkalooban ng Diyos ang Israel ng pangako, na sila'y magtutungo sa lupaing 'yun. Siguro'y nasa milyon, marahil, na mga kalalakihan, ang dumarating, para tugisin sila at gapiin sila, at pagtatagain sila, na parang mga hayop. Pero ang Anghel ng Panginoon, Na naroon para dalhin sila sa lupang pangako, ay pumailanlang sa kampamento at nagtungo at lumagay sa gitna nila at ng panganib.

134 Hallelujah! Hanggang ngayon ay ginagawa pa rin Niya ito. Siya ay gagawa at gagawa ng daan. Oh, talagang napapaibig ako sa Kanya sa bagay na 'yan, di po ba't kayo rin? [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.] Gagawa at gagawa Siya ng daan para sa bawat maysakit na nakaupo rito ngayon. Siya'y gumawa na nga ng daan, at Siya'y nakatayo na sa pagitan n'yo at ng pagkabagabag.

135 At alam kong narito Siya mismo ngayon. Tawagin n'yo akong panatiko kung 'yan ang gusto n'yo; di ako mananagot sa sasabihin n'yong 'yan. Pero mananagot ako sa mga bagay na sinasabi ko, sa harap ng Diyos. Pero Siya Na nanguna sa mga anak ni Israel, kung napagpasyahan ko ito nang tama, sa Ilaw na 'yun na nakikita n'yo ngayong gabi, o nakita sa litrato roon. Sa palagay ko'y isinabit nila ito roon. Ang siya ring Anghel ng Diyos na 'yun noon ay narito sa gusaling ito sa mga oras na ito mismo, upang gawin nang eksakto ang siya ring ginawa ni Jesus nung araw na 'yun doon. Narito Siya para magpatunay. Kagaya nga ng ginawa Niya noon, Siya'y magiging ganoon ngayon, at magiging ganoon sa tuwina. Ang Anghel ng Diyos, ay lumalagay at tumatayo sa pagitan natin at ng karamdaman, tumatayo sa pagitan natin at ng kamatayan.

136 Hindi na nakapagtatakang sinabi ni David, “Oo, bagaman ako’y lumalakad sa libis ng lilim ng kamatayan, wala akong katatakutang kasamaan: sapagkat Ika’y sumasa akin.” Tunay.

137 Tumindig doon, ang Anghel ng Diyos na naroon sa unahan ng kampamento ng Israel, haya’t humiwalay, at nagtungo at lumagay sa pagitan nila at ng kaaway.

138 At ang Anghel ng Diyos ay tumindig mismo, ngayong gabi, sa pagitan ng bawat indibiduwal dito at ng kaaway. Alam ko ang sinasaysay ko rito. Alam ko, na sa pagkakatayo ko rito ngayon sa entablado rito, sa harapan ng munting grupo ng mga nagsidalo rito ngayong gabi, alam ko na ang Diyos ay bumaba, bumaba mula sa Kaluwalhatian, at nakatayo sa gusaling ito ngayon. Kung maglalakas-loob lang kayong dumako sa Salita ng Diyos, makikita n’yo kung hindi ba Siya kikilos sa unahan n’yo. Masdan.

139 At dumako nga Ito sa pagitan ng kampamento at ng mga taga-Egipto. Siya’y dadako sa pagitan n’yo at ng karamdaman. Siya’y nakatayo sa pagitan n’yo at ng inyong mga kasalanan, sa mismong oras na ito. Bakit? Nasa exodo tayo ng paglabas ng Iglesya. Ang Egipto ay tinaguriang sanlibutan sa tuwina, at nung ang Israel ay lumabas mula . . . Tandaan n’yo, sila’y mga miyembro ng iglesya sa dakong ’yun. Pero matapos na ang dugo at pagtutubos ay naisagawa, sila’y naging mga tuli sa Diyos.

140 At ang pagtutuli, sa panahon ngayon, ay ang bautismo ng Espiritu Santo. “Lahat,” sinabi ni Esteban, “Lahat kayong di tuli ang puso’t mga tainga, bakit ninyo laging sinasalangsang ang Espiritu Santo? Kung ano ang ginawa ng inyong mga magulang, ay gayon din naman ang ginagawa ninyo.” Tinutuli ng Espiritu Santo ang puso, inihihiwalay ang mga bagay ng sanlibutan. Noon ay naipapamuhay ito ng mga makalumang kabanalan na iglesya, naikikilos nila, naipapamuhay. Pero, ngayon, parang katulad na lang ng iba pa sa sanlibutan. Kahiya-hiya. Ibinagsak natin ang ating pamantayang kabanalan.

141 Si tandang Kapatid na Spurgeon may sinasabi siya noon, isang matandang mangangaral sa Methodist na kaibigan ko, may inaawit-awit siyang awitin noon.

> Ibinagsak natin ang ating pamantayan, ibinagsak natin ang ating kabanalan,
> Tuloy nakompromiso tayo sa kasalanan.
> Ibinagsak natin ang ating pamantayan, mga tupa’y nakatanan.
> Papaano nakapasok ang sangkakambingan?

142 Dahil ibinagsak n’yo ang inyong pamantayang kabanalan! Ganoon nga. Ibinagsak n’yo ang pamantayan ng Cristianong pamumuhay, dahil sa mga seminaryong nagsipagpisaan ng mga mangangaral at pinakalat para ikompromiso ang Katotohanan. Pero ang Espiritu Santo’y narito laging hatol sa kasalanan, at sa

gabing ito'y tumatayo sa gitna ng mananampalataya at ng mga bagay ng sanlibutan. Amen.

> *At lumagay sa pagitan ng kampamento* at *ng Egipto at ng kampamento ng Israel; at ito'y nagmistulang ulap* ng *kadiliman sa kanila, gayon ma'y binigyan sila ng liwanag sa gabi: nang sa gayon ang isa't isa ay hindi magkalapit sa buong magdamag.*

143 Tingnan n'yo, ang siya ring bagay na 'yun na ibinigay sa grupong *ito* ng mga mananampalataya, ang Liwanag, siya ring binubulag *sila*.

144 Sige heto na, isuot n'yo na ang mga dyaket n'yong panlaban sa pagkabigla. Heto na. Tingnan n'yo, bawat isa na tatanggi sa Liwanag ay mabubulag at lalakad sa kadiliman dahil di n'yo tinanggap ang Liwanag. Amen. Nagpadala ang Diyos ng mga mangangaral na nangangaral ng Ebanghelyo. Nagpadala Siya ng mga tanda at kababalaghan sa kalagitnaan ng mga tao, para pagtibayin Ito na Katotohanan talaga; at tinanggihan naman Ito ng mga tao, kaya wala nang natitira pa kundi kadiliman para sa inyo. Lumakad ka sa Liwanag, habang nagliliwanag pa ang Liwanag, kapatid ko. Tanggapin mo ang Liwanag na ito. Si Cristo ang Liwanag na 'yan. Siya'y pumarito upang magdala ng Liwanag sa inyo. Pero ang tatanggi sa Liwanag ay tatanggap ng kadiliman. At bawat lalaki at babae, ngayong gabi, na sila'y tatanggi sa Liwanag, ay lumalakad sa kadiliman, di alam kung saan patungo. Magpapatumba-tumba pihado, sikat marahil sa mga tao, pero di niya malaman kung papaano ba siya tatayo sa Presensya ng Diyos.

145 Pansinin ito! Sadyang kahanga-hangang bagay ito. Siya'y Liwanag sa isa, at kadiliman naman sa isa. Ang mga Israelita, hayan nga, matapos manalangin ni Moises, sila'y napanatag na sa kanilang paghiga. Ngayon masdan.

> *At iniunat ni Moises ang kaniyang kamay sa ibabaw ng dagat; at pinaghiwalay ng* PANGINOON *ang dagat sa pamamagitan ng isang malakas na hanging silanganan ng buong magdamag, at ang dagat ay pinapaging tuyong lupa, at ang tubig ay nahawi.*
>
> *At ang mga anak ni Israel ay pumasok* sa *gitna ng dagat sa ibabaw ng tuyong lupa:. . .*

146 Kung mapapansin n'yo, habang ang mga anak ni Israel, na lumabas sa kadiliman at tinanggap ang Liwanag, noong sila'y masukol sa suliraning 'yun, bumaling sa kabila ang Liwanag. At sila'y nakatulog nang mahimbing nang buong magdamag. At habang natutulog sila, ang Diyos ay nagpadala ng hangin, na umihip sa ibabaw nung dagat, humawi ng madaraanan para makaalpas sila.

147 Hallelujah sa Cordero! Ako'y nagagalak na ako'y puspos na puspos ng Espiritu Santo, ngayong gabi. Dahil habang tayo'y natutulog, nagagalak, nakahimlay sa pangako ng Diyos!

148 Nangako ang Diyos sa kanila, na gagawa ng madaraanan para makaalpas. At habang sila'y nakahimlay sa pangakong ito, ang Diyos ay naparoon, sa unahan nila, humahawi ng daan.

149 Bawat lalaki at babae, ngayong gabi, na tatanggapin si Jesus Cristo sa mga batayang ito; ang Espiritu Santo, habang kayo'y nahihimbing, habang kayo'y nakahimlay sa Kanyang pangako. Marahil kayo'y pilay; marahil kayo'y bulag; marahil di kayo makarinig; marahil di kayo makakita; marahil kayo'y may sakit; sakit sa puso, kanser, o anupaman, malapit nang mamatay. Tanggapin n'yo ang Liwanag, ngayong gabi, at humimlay lamang kayo Roon.

150 At may hangin, na bababa roon na katulad sa malakas na hanging humahagibis dun sa Araw ng Pentecostes, ang bababa roon at maghahawi ng daan para sa iyo, hallelujah, na ika'y makalalakad na sa libis na 'yun ng karamdaman, pabalik sa lupain ng kalusugan muli. Lalakad ka dun sa lupaing 'yun ng malalamig, pormal, natatanikalaang, mga relihiyon na mapag walang bahala; tungo sa puspos ng Espiritu Santong, masaya, nagbubunying, puso na umaapaw sa galak.

151 Nagpapakita ang Diyos ng kapangyarihan, at ipinapakita ito. Pasensya na po, napapalakas ang boses ko. Nagpapakita ng katubusan sa pamamagitan ng kapangyarihan. Nagpakita Siya ng dugo roon, sa isang pagkakataon doon. Nagpakita uli Siya ng Kanyang kapangyarihan dito, sa pamamagitan ng Kanyang Dugo, sa pamamagitan ng katubusan. Nagpakita ng Kanyang kapangyarihan para alpasan ang kamatayan, sa pamamagitan ng dugo. Nagpakita uli rito ng Kanyang kapangyarihan para gumawa ng daan para makaalpas, katubusan sa pamamagitan ng kapangyarihan.

152 At, ngayon, kayo na mga nagsitanggap, amen, kayo na mga nagsitanggap sa Dugo ni Jesus Cristo, sa ikalilinis ng inyong kasalanan, ang kapangyarihan ng Espiritu Santo ay narito para pangunahan kayo sa bautismo ng Espiritu Santo. Narito ang Kapangyarihan ng Diyos upang ilipat kayo mula karamdaman patungo sa kalusugan. Ang Diyos, ay sumusulong, sa exodo ng Kanyang Iglesya! Siya'y patungo na sa pagkahinog, kung saan ang Diyos ay titipunin na, sa takdang panahon, ang Kanyang trigo. Kahanga-hanga, lalabas mula sa kadiliman, tutungo sa kahanga-hangang Liwanag! Talagang gustong-gusto natin ito! Ako nga'y gusto ko ito! Grabe ang halaga nito sa kaluluwa ko, ngayong gabi! Mga kaibigan, inyong . . .

153 Nakausap ko ang isang lalaki kanina, nagkita kami nung nasa labas ako. At ang sabi niya, "Sinusubukan kong sabihin sa mga tao." Sabi, "Malaki ang pinagbago ko, Billy, mula nung

maliit na binatilyo ka pa lang." Sabi, "Noon ay bumibisita ka sa akin at sinasabi mo sa akin, doon sa pinagtratrabahuan ko, na kinakailangan kong maging tama sa Diyos, kinakailangan kong maitama sa Diyos." At sabi, "Para bang tinatawanan lang kita noon. Pero," sabi, "Billy, marami nang nagbago ngayon." Sabi, "Nalalaman ko na ngayon ang sinasabi mo."

Sa isip-isip ko, "Purihin ang Diyos!"

154 Sabi niya, "Sinusubukan kong sabihin ito sa iba," at sabi, "iniiba nila ang usapan at magkukuwento sila tungkol sa isang pakuwelang lathala o parang ganun. Oh, di ko oras ngayon. Yung kasunod na lalaking 'yun sa isang sulok, siya marahil ang mamamatay. Siya ang kasunod. Marahil ang bilang niya ay 'yung kasunod na, wala namang nakakaalam kung kaninong bilang na ang kasunod." Marahil bilang mo na ang tawagin, ngayong gabi, kaibigan. Ito na marahil ang oras na tatawagin ka ng Diyos.

155 Ang Diyos, ang dakilang Espiritu Santo, ay nakatayo rito ngayong gabi, sa pagitan ng kamatayan at Buhay; nakatayo rito ngayong gabi, sa pagitan ng karamdaman at kalusugan. Alam ko ang sinasaysay ko rito. Siyanga. Sa mismong oras na ito, ang siya ring Espiritu Santo na 'yun na nararamdaman n'yo ngayon, haya't ang bawat taong ipinanganak muli ay marapat lamang na maramdaman niya ang Espiritu sa silid na ito. Hindi mo 'yun mapapalampas. Kung may Buhay ka riyan, alam mong narito talaga Ito. Buweno.

156 Katulad ng isang magnet, kapag ito'y. . .Kapag ang isang malakas na magnet ay lalapit sa materyal, magsisimula nga itong gumalaw at gumapang, (bakit?) lumalapit kasi ito. Gaya nung malaking magnet dun na ibinababa noon, dun, minsan, sa Hammond, Indiana. Pinapanood ko sila roon kung paano nila pulutin 'yung mga pira-pirasong metal, sa sahig. May binababa sila roong malaking lever; bababa 'yung malakas na malaking magnet. At naroon nga 'yung mga pinalis nilang mga pira-pirasong metal sa gitna ng sahig. At sa pagdaan nito, lahat ng mga pira-pirasong metal ay namamagnet dun sa magnet, 'yung bakal, pumataas din kasama nung magnet, sumama. At tapos aalisin nila 'yun sa pagkakamagnet, ihuhulog nila sa kupola, at imomolde 'yun uli. Marami pang pira-pirasong aluminum ang natira. Sabi ko, "Bakit di sila naisama?"

Sabi nung tao, "Di kasi sila namamagnet nung magnet."

157 Sabi ko, "Purihin ang Diyos." Sabi ko, "Bakit naman di ito naisama, itong natira sa ibaba, na piraso naman ng bakal?"

Sabi, "Kung mapapansin mo, nakaturnilyo kasi ito."

158 At ganyan nga rin ito sa maraming mga tao ngayong gabi, mga kaibigan. Mga kaanib kayo sa iglesya, pero di namagnet sa bautismo ng Espiritu Santo. Kaya naman hinahayaan n'yo lang

na matanikalaan kayo pababa, ng kung anong pagsasawalang bahala, nagpapatanikala kayo.

159 Pero isa sa mga araw na ito, haya't darating ang isang malakas na magnet na manggagaling sa Silangan, na tinawag na Anak ng Diyos, na dadaan sa buong lupain. At bawat isa na namatay kay Cristo ay babangon para makasama Siya, upang magtungo sa kabilang ibayo. At ang mga lumang katawan na 'yun ay mababago at iaayon sa Kanyang wangis, sa Kanyang Sariling katawang maluwalhati, kung saan tayo'y mamumuhay nang magpakailan-kailanpaman, di saklaw ng karamdaman, di saklaw ng pagtanda, di saklaw ng lahat ng iba pang bagay; at mananangan sa Kaluwalhatian ng Diyos, upang mamuhay sa Kanyang pinagpalang Presensya magpakailanman. Amen. Huwag n'yong katakutan 'yan. Nararamdaman kong puspos na puspos ako sa mga oras na ito. Siyanga. Sige.

160 "Ngunit talastas ko na ang manunubos sa akin ay buhay, at Siya'y tatayo sa lupa sa kahuli-hulihan; sirain man ng uod ang katawan na ito, gayon ma'y makikita ko sa laman na ito ang Diyos; na makikita ko sa aking sarili; mamamasdan ng aking mga mata, at hindi ng iba."

161 Huwag n'yong isiping nababaliw ako. Hindi po. Pero kung nababaliw ako, hayaan n'yo lang po ako. Mas masaya ako na maging ganito kaysa sa kung ano pang kalagayan. Siyanga, po. Hayaan n'yo lang akong ganito. Oh, tunay, "baliw," sa tingin ng sanlibutan, pero, ang mga bagay na tinatawag ng sanlibutan na kabaliwan, tinatawag ng Diyos na pinagpala. Dapat mong "iwaglit ang iyong isipan," sa sanlibutang ito, dahil (bakit?) di ka kasi kabahagi ng sanlibutang ito.

162 Sa pagtawid mo sa naghihiwalay na linyang 'yun, ikaw ay naging kapwa mamamayan sa Kaharian ng Diyos. Oh, grabe! Gaanong kainam 'yun? Aba, ika'y naging bago nang nilalang, (oh, grabe) binago sa kalagayan mo kung ano ka ngayon. "Kayo ay mga anak na ng Diyos. Ngayon ay pinaupong magkakasama sa Sangkalangitan." Hindi, "sa hinaharap," sa Milenyum. Tayo mismo ngayon, tayo mismo ngayon ay mga anak ng Diyos. "Nakaupo tayo ngayong magkakasama sa Sangkalangitan, kay Cristo Jesus," di lang sa simbahan, "kay Cristo Jesus."

163 Ang Panginoong Jesus na nabuhay na mag-uli ay narito. Siya ay narito sa Kanyang kapangyarihan. Siya ay narito sa Kanyang kapangyarihang magtubos. Siya ay narito para sa exodo. Siya ay narito upang dalhin ang bawat miyembro ng iglesya sa pakikipagbuklod sa Kanya. Siya ay narito upang dalhin ang bawat makasalanan, gaano mang kababa ang iyong kinasadlakan, Siya ay narito upang dalhin ang kapangyarihan ng Kanyang pagkabuhay na mag-uli sa iyong buhay at gawin kang bagong nilalang.

164 Dito, mga ilang taon na ang nakalilipas, nagtipon-tipon ang lahat ng mga relihiyon sa mundo, sa palagay ko sa London, Inglatera, o kung saanman. Di ko maalala nang eksakto. Pero, nung ang lahat ay nagsasalita't kinakatawan ang iba't ibang iglesya, may mga Mohammedan, at may kay Buddha, at lahat na. May isang munting. . . isang lalaki dun na kumakatawan sa iglesya ng American Holiness, John Witt, sa paniwala ko, ang pangalan niya. Kaya heto na nga nung tumayo na siya, oras na niya para magsalita, lahat ng relihiyon ay may kinatawan sa malaking pagtitipon na 'yun, isinaysay niya ang kuwento ni Lady Maccabee, kung gaanong kababa ang kinasadlakan nito; inaresto sa Oklahoma, na may subo-subong sigarilyo sa bibig niya, nagmamaneho ng. . . o nilabag ang batas sa nararapat na bilis ng pagmamaneho, animo'y kumawala sa kalsada sakay sa karwaheng hila-hila ng apat na kabayo. Napakarami niyang nagawang pagpatay, at ganoon na lamang siyang kadumi, at ganoon na lamang kahalang ang bituka, na, nung bubuhusan na nila siya ng alkitran at mga balahibo ng ibon bilang parusa, ni di man lang gusto ng mga tagapataw ng parusa na maisayad ang kamay nila sa kanya, natatakot silang baka mahawa sila sa kanyang karumihan.

165 At nung maisaysay na niya ang kuwentong ito sa tunay na nakakaantig na paraan, na anupa't ang bawat nakikinig dun ay napapaupo na sa dulo ng kanilang kinauupuan. Ang sabi niya, "Mga kapita-pitagang lalaki, ng mga relihiyon ng daigdig, ang relihiyon n'yo ba'y mayroong anuman na makapaglilinis sa mga kamay ni Lady Maccabee?" Walang umimik. Napalukso siya sa ere at napapadyak ng sakong, at napapalakpak ng kamay. Sabi niya, "Ang Dugo ni Jesus Cristo'y di lang lilinisin ang kanyang mga kamay, bagkus lilinisin pa Nito ang kanyang puso." Amen. Tama.

166 Magagawa ng Dugo ni Jesus Cristo na kunin ang pinaka mababang patutot sa Louisville, Kentucky, at gawin siyang isang binibini, isang banal mula sa kalagayan niyang 'yun. Magagawa Nitong kunin ang kontrabandista ng alak sa isang lugar sa ibayo, at gawin siyang ginoo, at isang banal sa Diyos.

167 Mga kaibigan, mga mamamayan ng Kaharian, mga kababayan ko ng Kentucky at Indiana, at sa buong palibot! Di n'yo ba naiisip, ngayong gabi, na ito na kaya marahil ang oras upang isaalang-alang n'yo ang Panginoong Jesus na ito, bago mawala sa inyo ang huli n'yo ng pagkakataon?

168 Mangyaring, nakita n'yo na ang Iglesya na sumusulong sa dakilang exodo na ito, nakita ang Haliging Apoy na nangunguna sa harapan natin; nakatayo, nagpapamalas ng mga himala't mga tanda. Narito Siya, ngayong gabi, sa kapuspusan ng Kanyang kapangyarihang magtubos. Narito Siya upang pagbuuing muli, ang bawat makasalanan, ipanumbalik ang bawat tumalikod

sa pananampalataya. Narito Siya upang pagalingin ang bawat maysakit.

169 Siya ang buong Ebanghelyo. At ipinapangaral natin ang buong Ebanghelyo; kinakain ang buong Cordero. Niluluto Ito sa apoy sa Espiritu Santo, at nalalaman natin na mabuti Itong kainin, dahil espirituwal na pinaunawa sa atin ng Espiritu Santo na Ito'y tunay na mabuti. "Tikman at tingnan ninyo, ang Panginoon ay mabuti. Ang lasa ay pulot sa bato."

170 Ang Panginoon nating Jesus ay narito, sa Kanyang pag-ibig at kapangyarihan, sa Kanyang mga dakilang pagpapala ng pagtutubos! Oh, ganoon na lamang ang Kanyang pagtayo sa pagitan ng iglesya at ng kasalanan, ngayong gabi! Ganoon na lamang ang Kanyang pagtayo sa pagitan n'yo at ng kahatulan; nagdurugo, nananalangin!

171 Dito di pa katagalan, pumasok ako sa isang lugar sa Ohio, kung saan handa ko na noong ipataw ang sarili kong opinyon ng paghatol. Kumakain ako noon sa isang munting Dunkard restawran. Nagdaraos kami noon ng malaking pagtitipon sa lugar. Kinakailangan kong lumagi ng ilang milya sa probinsya, sa isang maliit na motel. Kumakain ako noon sa isang Dunkard restawran; napakainam ng mga tao roon, at sarado sila kapag Linggo at nagpupunta kasi sila sa simbahan. Kinakailangan kong tumawid sa kabila sa isang pangkaraniwan at munting, kainan na karaniwang, makikita n'yo rito sa Amerika para kumain ng tanghalian.

172 Noong pagpasok na pagpasok ko ng pinto, laking gulat ko, nakatayo roon ang isang pulis ng estado na nakalingkis ang bisig niya sa isang babae, naglalaro ng slot machine. Ngayon, ipinagbabawal ang pagsusugal sa Ohio, at heto ang isang pulis na siya mismo ang lumalabag sa batas. At marahil, isa siyang lalaki na kaedad ko, marahil kasal, may pamilya sa kung saang dako; ang mga bisig ay nakalingkis dun sa isang batang-batang binibining nakatayo roon.

173 Tumingin ako sa loob ng restawran, may ilang binatilyo na nakaupo sa may likuran, lasing, at may dalagita dun na walang kamoral-moral ang kilos. Tumingin ako, nakaupo roon, sa may bandang kanan ko, sa mga lamesa dun. Haya't, handa na sana akong maupo roon.

174 May nakaupo roong matandang babae, mga nasa limampu't walo, animnapung taon ang tanda, kasing tanda ng nanay ko; nakaupo roon, kulubot na ang balat, nakasuot ng napakaiksing damit. At, oh, nakakakilabot. At 'yung mga kuko niya sa paa ay napipintahan ng kulay ube, ang mga labi niya ay napipintahan ng kulay ube, pinaka-kakilakilabot na tanawing makikita n'yo. Sobrang iksi ng gupit ng kanyang buhok at nakaikot pataas nang *paganoon*. At siya'y umiinom ng alak.

175 Doon din ay may nakaupong dalawang lalaki kasama niya, nakaupo roon, na grabe talaga, ang kalasingan, at 'yung isa sa kanila'y halos nakasalampak na sa mga pinggan sa lamesa. At nung magpaalam sila, at magpunta ng palikuran . . .

176 Natigilan ako sa pagkakatayo ko. Naisip ko, "Oh Diyos, paano Mo natatagalan ang bagay na ito? Paano Mo naaatim na tingnan lamang ang isang bagay na gaya nito? Gayong, sa puso ko, at ako'y masama ring maituturing ko ang sarili, pero, ako nga'y napapaisip kung ang aking munting Sarah at Rebekah ay lalaki sa ganitong klaseng henerasyon at makikita ang paglala nito. Panginoon, bakit hindi Mo na lang lipulin ito sa ibabaw ng lupa?" Naisip ko, "Bakit hindi Mo gawin 'yun, Panginoon?"

177 Napaupo na lang ako roon at bigla na lang akong napaiyak. May nakita akong isang pangitain. Nakita ko, kung paanong, ang mundo ay umiikot-ikot sa ere, at doon ay may nakapalibot na bahaghari sa buong mundo. At may nagsasalita sa akin dun, ang sabi, "Yan ang Dugo ni Jesus Cristo, na nakapalibot sa mundo, na humahadlang sa Kanya para wasakin ito. Kung makita ng Diyos ang kasalanan, 'Sa araw na kanin ninyo ito, sa araw ding iyon kayo ay mamamatay.' Bawat tao na nasa ilalim ng Dugong 'yun, ay may . . . ay isang kaluluwang may malayang pagpili, na piliin nila ang gusto nila. Pero kung mamatay ka, at ang iyong kaluluwa ay pumailanlang lampas sa awa na 'yun ng Dugo, ika'y nahatulan na bago ka pa makaabot dun. Wala nang pag-asa para sa iyo."

178 Tapos nakita ko ang sarili ko. Nakita ko ang Panginoong Jesus na nakatayo dun, may putong na tinik sa Kanyang ulo, at tumutulo ang mga luha, na nahaluan ng dugo, habang umaagos 'yun sa Kanyang balbas. At nakita ko ang mga kasalanan ko na pumapailanlang sa harapan Niya, at sa tuwing pumapailanlang ang mga kasalanan ko sa harap Niya nang ganoon, [Blangkong bahagi sa teyp—Pat.] . . . hanggang sa maalog Siya. Tumutusok pa lalo ang mga tinik sa Kanyang noo, nang mas madiin. Siya'y halos matutumba na sa pagkakaatras. Sasabihin Niya, "Ama, patawarin Mo siya, di niya alam ang ginagawa niya." At sa uli ay may gagawin na naman akong kung anong bagay, at tapos 'yung Dugo Niya ay parang bumper ng sasakyan, na iniingatan ang sasakyan, sinasanggalang ako sa galit ng Diyos, gayong di ako karapat-dapat.

179 At lumapit ako sa Kanya, dahan-dahang, lumuhod sa harap Niya. Sabi ko . . . Tumingin ako sa may ibaba, nakalapag dun sa harap ko, at naroon nga ang isang lumang aklat ng kasalanan, at nakasulat sa harap nun sa itaas ang pangalan ko. Sabi ko, "Panginoon, maaari Mo po ba akong patawarin?"

180 "Oo walang duda," sabi Niya, nang may mga matang kita ang pag-ibig; umabot sa Kanyang tagiliran, kumuha ng ilang Dugo

roon, at isinulat sa aklat, "Pinatawad." At itinapon 'yun sa Dagat ng Pagkalimot. Sabi Niya, "Ngayon . . . "

Sabi ko, "Salamat sa Iyo, Panginoon."

181 Sabi Niya, "Ngayon, ikaw nga'y pinatawad Ko na; at siya nama'y hinahatulan mo." Oh, binago nun ang pananaw, ko.

182 Ako'y—ako'y lumabas na sa pangitain. Lumakad ako roon at umupo sa tabi nung babae, at nagsimulang makipag-usap. At siya pala'y dumanas ng matitinding pagsubok sa buhay. Sabi ko, "Kayo po ba'y di pa naging Cristiano kahit kailan?"

Sabi niya, "Lumaki ako sa isang Cristianong tahanan."

At sabi ko, "Ano pong nangyari?"

183 Ikinuwento niya sa akin 'yung di nila pagkakaunawaan ng asawa niya, at kung anong nangyari sa mga anak, at iba pang bagay. Sabi ko, "Sa lahat pala, sa haba-haba ng mga panahong ito, di ka pa pala nakakaranas mamuhay nang mapayapa mula nang makilala mo ang Diyos?"

Sabi niya, "Ginoo, totoo 'yan."

Sabi ko, "Gusto mo marahil na tanggapin Siya ngayon."

Sabi niya, "Tatanggapin Niya pa kaya ako?"

Sabi ko, "Kumakatok Siya sa puso mo ngayon."

184 At sa lamesang 'yun, nagtungo siya sa sahig, at lumuhod sa harap ng mga taong naroon; natigil ang mga slot machine, natigil ang mahahalay na pananalita, at lahat na. At itinaas ko ang aking mga kamay, at ang mga kamay ko . . . at 'yung mga nangungulubot na mga kamay na 'yun, at akin siyang inakay kay Jesus Cristo. Siyanga. Ganoon nga 'yun, mga kaibigan. Huwag n'yong tingnan . . . si Jesus nga'y . . .

185 Di ko pansin ano man ang nagawa n'yo, gaano mang kaitim ang inyong mga kasalanan, gaano mang karumi ang buhay n'yo; ang Diyos ay nakatayo rito, ngayong gabi, tumutuktok sa pintuan ng inyong puso, para patawarin kayo, maging sino man kayo.

186 Atin pong iyuko pansumandali ang ating mga ulo. Kapatid na babae, pumuwesto ka na rito sa organ, kung maaari?

187 Makalangit na Ama, oh, dalangin ko na Ikaw nga sa mga sandaling ito ngayon . . . habang kumikilos ang Espiritu Santo sa loob ng gusali. Amin munang hahanapin unang-una sa lahat ang Kaharian, upang masumpungan kaming kaaya-aya sa Iyo, at sa gayon ay sumasampalataya akong Iyong pagagalingin ang mga maysakit. Pero sa mga sandaling ito ngayon, Ama, habang nararamdaman ang malaki't, malalim na malasakit at matibay na paniniwalang ito, na ang mga tao'y may kabatiran na ang Iyong Iglesya ay nasa exodo, at kami'y patungo na sa Paghatol. Di namin nalalaman na heto po, sa umaga, may dadalawin na lang kami sa tabi ng higaan, at sila sa pagkakahimlay nila dun,

ay yumao na pala. Sa mga oras na ito, bukas ng gabi, marahil kami'y nasa isang morge na lang kung saan, at ang aming mga kaluluwa ay naroon na sa ibayo sa Walang Hanggan.

188 Oh Diyos, ito na marahil ang pinakahuling oras! Ito na marahil ang pinakahuling pagkakataon na makatatanggap ang tao. Marami, at walang duda, ang nakaupo rito, na mga lalaki't mga babae, na nag-aasam, na namumuhay naman ng normal at mabuting buhay, subalit hindi pa kailanman naipapanganak na muli, wala pang pagkabatid sa kung anong klaseng karanasan ang mapuspos ng Espiritu Santo, maisuko nang buong-buo ang buhay; na ang lahat ng mga tanikala, pagkakimi, ay naalis na sa kanila, at ang Espiritu ng Diyos ay babautismuhan na sila sa Kanyang habag.

189 Amang, Minamahal, maaari Ka po bang, sa gabing ito, sa Pangalan ng Iyong minamahal na Anak, na si Jesus, maaari kayang kumilos sa bawat puso at mangusap lamang ngayon? At nawa sila, sa katapatan ng kanilang puso, itaas nila sa Iyo ang kanilang mga kaisipan, itaas nila ang kanilang puso at sabihin, "Heto po ako, Jesus. Iyong kunin ako ngayon, sa kalagayan kong ito, at hubugin ako at gawin akong pinagbago na. Iyo pong gawin ako na maging isang uri ng tao na minarapat Mo sa akin. Sa buong buhay ko, nangungusap Ka sa akin. Iyo akong kinakausap. Sinusubukan Mo akong mapagbago. Sinusubukan Mo akong sumuko. Pero ngayon masyado nang nasayang ang panahon, Panginoon, sa akin, pero ako po'y handa na ngayong lumapit." Iyo pong ipagkaloob ito, Ama. Habang tumatawag pa ang habag, bago ang Paghatol; ang exodo ng Iglesya, ay hayang lumalabas na ng Egipto; nawa'y sila'y magsilapit, mapabilang sa dakilang grupo, ng mga tinawag-palabas. Hinihiling namin ito sa Kanyang Pangalan.

190 At habang ang ating mga ulo ay nakayuko, at nakapikit ang ating mga mata, at nananalangin ang mga Cristiano. Iniisip ko kung maitataas n'yo lamang kaya ang inyo pong kamay, sasabihin, "Kapatid na Branham, alalahanin mo ako. Aking—aking pinapaniwalaan na ang bawat salita na iyong sinasabi ay ang Katotohanan patungkol kay Jesus Cristo. At kinakailangan naming mapuspos talaga ng Espiritu, at, ako'y hindi, pa. Ako'y miyembro ng iglesya ng matagal-tagal na panahon." O, marahil kayo'y hindi miyembro sa iglesya, siyanga. Marahil isa kayong makasalanan, na di pa kailanman tumatanggap kay Cristo. O, marahil kayo'y miyembro ng iglesya, at di pa naipapanganak na muli. Maaari n'yo po bang itaas ang inyong kamay, sabihin, "Alalahanin mo ako, Kapatid na Branham, sa panalangin mo. Nais kong maitama."

191 Pagpalain ka ng Diyos. Pagpalain ka ng Diyos, at ikaw, at ikaw, ikaw, ikaw; at ikaw, kapatid kong lalaki; at ikaw, kapatid na babae; at ikaw, kapatid na lalaki; ikaw, ikaw, ikaw, kapatid na lalaki, kapatid na babae. Nakikita ko.

192 Oh, dito sa kaliwa ko, ilan sa inyo riyan ang nagnanais? Itaas n'yo ang inyong kamay, sabihin, "Alalahanin mo ako, Kapatid na Branham, nais kong maipanganak."

193 Ngayon, alalahanin n'yo, ang Espiritu Santo'y nagsasalita sa inyo. Kung ako nga'y lingkod ng Diyos, nalalaman ko nga, kung gaanong katotoo na nakatayo ako rito sa entabladong ito, ang Espiritu Santo ay nangungusap sa mga pusong narito. Mga kaibigan, marahil kakaiba ang dating ko sa inyo, pero hindi po ako isang panatiko. Alam ko po ang sinasaysay ko; kung akin lamang malalaman kung ano ang suliranin sa inyo riyan, at kung anong karamdaman n'yo, at hetong diringgin ng Diyos ang panalangin ko para sa inyo. At narito mismo sa gusaling ito nakaupo ang mga tao na pinagaling, sa kanser, at pagkabulag, at pagkabingi, at pagkapilay, at lahat na. Tingnan n'yo po ang mga pagtitipon sa buong mundo. Paano naman kayo ngayon? Paano naman ang kalagayan n'yo ngayon? Kung dininig Niya ang panalangin ko sa ganoon, hindi ba't Kanya ring diringgin ang panalangin kong ito para sa kalagayan ng kaluluwa n'yo? Kung may kakayahan Siyang ihayag sa akin ang suliranin sa inyo, hindi ba't magagawa rin Niyang ihayag sa akin ngayon kung tungkol saan kaya ang suliranin n'yo, rin?

194 Ilan pa kaya ang magtataas ng kanilang kamay, sasabihin, "Kapatid na Branham alalahanin mo ako. Ninanais ko, sa oras na ito, na hilingin sa Diyos na ako nawa'y kaawaan"? Pagpalain ka ng Diyos, at ikaw, at ikaw, ikaw, muli. Oh, grabe, halos buong gusali, sa lahat ng dako!

195 Habang nakayuko ang inyong mga ulo. Iniisip ko kung kayo, na nagsipagtaas ng kamay, na nagnanais na makakamit pa ng kaunting biyaya, sabihin, "Panginoon, ako'y nabiyayaan ng sapat na biyaya para itaas ang aking kamay, Iyo po akong biyayaan ng higit pang sapat na biyaya para makatayo habang nananalangin ang mangangaral. Kung Siya ay paparito sa akin, bago magliwanag ang umaga, Panginoon, ito ang tanda ko sa Iyo, na nagnanais akong maitama. Ninanais kong makatagpo Ka balang araw. Itong huling pagtikhim ko na mamantsa sa aking manggas at ako'y mahihiga na lang nang madiin sa unan kong kamamatayan. Iiwan ng doktor ang gilid ng higaan; wala nang remedyo pa. Sa oras na ito, Panginoon, Iyong kahabagan ang kaluluwa ko. Habang ang malamig na ulap ng kamatayan ay lumulutang sa silid, nawa'y dumating ang matandang barko ng Sion, dalhin ako. Tatayo ako, Panginoon. Mangangailangan ng higit na kaukulang biyaya, pero may kung anong Bagay nga na ikikilos ako. Ako'y tatayo." Pagpalain ka ng Diyos, kapatid na lalaki.

196 May tatayo pa ba, magsasabi, "Ako'y tatayo, Panginoon." Pagpalain ka ng Diyos, kapatid na lalaki. Pagpalain ka ng Diyos, kapatid na lalaki, kapatid na babae. Manatili lamang na nakatayo. Ang lahat na nagnanais na maalala sa panalanging

ito, sa ikaliligtas ng kaluluwa n'yo, maaari ba kayong tumayo. Pagpalain ka ng Diyos. Pagpalain ka ng Diyos, batang lalaki. Pagpalain ka ng Diyos, ginoo. Pagpalain ka ng Diyos, kapatid na lalaki. Pagpalain ka ng Diyos, kapatid na babae. Pagpalain ka ng Diyos, kapatid na babae; ikaw, kapatid na lalaki.

197 May tatayo pa ba at magsasabi, "Heto po ako. Kapatid na Branham, hindi ako sa harap mo tumatayo. Sa harap ng Diyos ako tumatayo. May nagsabi sa akin na tumayo, at tumayo ako." Magagawa n'yo po ba? Tumayo lamang kayo. Tanggapin n'yo nang maigi ang Diyos. Pagpalain ka ng Diyos, binibini.

198 Marami pa. Pagpalain ka ng Diyos, binibini. Siyanga. Kaawa-awang nanay na hawak-hawak ang kanyang maliit na sanggol, nagsusumikap na makatayo, may mga luha sa kanyang mata. Makalalapit ba kayo? Tumayo kayo uli. Pagpalain ka ng Diyos, ginang, matandang ginang na tumayo sa dako riyan, at sadyang matanda na, nalalamang haharap siya sa Diyos, isa sa mga araw na ito. Pagpalain ka ng Diyos. Sino pa ang nagnanais tumayo na kasunod, sabihin, "Ako'y tatayo"?

Manatili lamang sa pagkakatayo para sa isang panalangin.

199 May iba pa ba? Nararamdaman kong may iba pa riyan na nagnanais tumayo. Marahil nagnanais kayong makalapit pa nang kaunti. Huwag n'yo na itong ipagpaliban pa. Tumayo lamang. Magagawa n'yo po ba? Kayo riyan na nangnanais na maging malapit pa sa Diyos. Pagpalain ka ng Diyos. Siyanga. May iba pa ba . . . Pagpalain ka ng Diyos, binibini. Siyanga, po.

200 May nasa tatlong tao pa, tinitingnan ko sila rito sa diretso, na nararapat lamang na tumayo pa, dahil heto ang Anghel ng Diyos na nakatayo rito. Pagpalain ka ng Diyos, binibini. Tama. Ngayon, sige, kapatid na lalaki, anong pasya mo? Sige. At, ang Anghel ng Panginoon ay nakatayo rito, alam ko. Nakikita ko Ito, at alam ko na kinakailangan ng isa riyan na tumayo na ngayon. Maghihintay lang ako nang kaunting sandali pa rito. Nawa ang Diyos . . . Alam mong hinihikayat Niya ang iyong puso. Nakatayo Siya riyan, kaibigan ko. Siya 'yan na nagsasabi sa iyong tumayo na. Magagawa mo ba? Tumayo ka lamang at tanggapin Siya, ngayon. Sige.

201 Kayo ba'y sigurado na riyan ngayon? Kung tatawagin ka ng Diyos sa gabing ito, sa pagtitipong ito; sa pangangaral na ito, paanyayang ito, siya ring katatagpuin kayo sa ibayo dun kapag kayo'y namatay na. Ano ang naging pasya mo rito? Kung di ka positibo, hayan nga, tumayo ka na ngayon, para makita Niya na ninanais mong tanggapin ito, para makalakad sa Liwanag.

202 Ngayon, mabuti naming Makalangit na Ama, narito ang Iyong minamahal na mga anak, malalambot ang mga puso, ang Salita'y nahulog naipunla sa kanilang puso ngayong gabi. "Ang pananampalataya ay nanggagaling sa pakikinig, at pakikinig sa Salita." At Iyo nga pong naririnig. At Iyong pinalambot ang

kanilang mga puso, marami ang nagsitayo, mga lalaki't mga babae, mga batang lalaki't batang babae, inihahayag Ka bilang kanilang sarili't minamahal na Tagapagligtas at Tagapanguna.

203 At nawa ang Anghel ng Diyos, Na narito ngayon sa gabing ito, nawa'y Kanyang pangunahan sila sa buhay. Sila nawa'y mapangunahan patungo sa Kalbaryo sa oras na ito ngayon, sa kanilang mga puso, at tanggapin nila si Jesus bilang kanilang Tagapagligtas. At nawa ang Espiritu Santo, sa pamamagitan ng Dugo ni Cristo, ay bumaba sa kanilang mga kaluluwa, at alisin ang lahat ng pagsasawalang-bahala, at punuin sila ng bautismo ng Espiritu Santo. Nawa ang gabing ito ay maging pinaka dakilang gabi sa kanilang buhay. Batid naming ito nga, dahil ngayong gabi Ika'y tinatanggap nila. Iyo pong ipagkaloob ito, Panginoon, sa oras na ito ngayon. At nawa sa kanilang pag-uwi mula sa dakong ito, ngayong gabi, sila'y masaya at nagagalak, pinupuri ang Diyos, nang buo nilang puso. Aking idinadalangin ang pagpapalang ito sa Pangalan ni Cristo Jesus.

Ngayon pagpalain nawa kayo ng Panginoon habang kayo'y makakaupo na.

204 Hayaan n'yong tanungin ko kayo ngayon. Sa bawat isa sa inyo na tumayo, at alam n'yo na may kung anong bagay na nangyari sa inyo habang nakatayo kayo riyan, itaas n'yo ang inyong kamay. Itaas n'yo lang ang inyong kamay, kung alam n'yong may bagay nga na nangyari. Pagpalain ka ng Diyos. Pagpalain ka ng Diyos. Siyanga. Nararapat lang, mga kaibigan. Nararapat lang 'yun. Tumayo ako rito, at nakita ko 'yun mismo ngayon, ang siya ring Anghel na 'yun na pinapangusap ko, na kumikilos sa gusali rito; ang siya ring Anghel ng Panginoon, ang Haliging Apoy. Ako po'y nangangaral nang huling lima o sampung minuto, sa ilalim ng inspirasyon na 'yun. Ramdam na ramdam ko po Ito, nakikita ko Itong kumikilos sa gusaling ito. Ngayon, iniisip n'yo marahil na kuwento-kuwento ko lang ito sa inyo, pero ito po talaga ang Katotohanan.

205 Ngayon, sa palagay ko ay di ko na kailangang tumawag ng pila para sa pananalangin. Sa palagay ko'y tatayo na lamang ako rito at hihilingin ko mismo sa Diyos na pagtibayin itong sinasabi ko sa inyo na Katotohanan talaga, siyangang tunay, sa pamamagitan ng mga tanda, mga kababalaghan.

206 Ilan po sa mga narito ang nagnanais na mapagaling, kayo na mga maysakit? Itaas n'yo ang inyong mga kamay, nasaan man kayo. Itaas n'yo lamang ang inyong kamay, sabihin, "Akin itong tinatanggap." Sige.

207 Gusto kong tumuon kayo, mamuhay, at manampalataya. Sa sinuman dito sa mga nakikinig, sa banda *rito*, sa sinuman sa banda rito, tumuon po lamang kayo, at sabihin, "Panginoong Jesus . . ."

208 Paganito po. Naniniwala akong, ang dahilan kung bakit tumawag muna ako ng pagdulog sa altar, kinakailangan kasing masumpungan tayong kaaya-aya sa Kanya. Isa itong bagay na bago sa akin. Kinakailangan kong masumpungang kaaya-aya muna sa Kanya, unang-una. Pagkatapos kapag nasumpungan na akong kaaya-aya, at naging kaaya-aya na. . . Haya't kayo, may isang dosena, o dalawang dosenang, mga kaluluwa ang makalalapit sa Kanya sa puntong 'yan. Tunay, tunay . . .

209 Ngayon kayo, bawat isa sa inyo na mga narito na lumapit na kay Cristo, kung gayon, ay maghanap kayo ng mainam na simbahang puno ng Espiritu Santo na mapupuntahan n'yo. At doon ay hanapin n'yo ang pagbabautismo Niya, hanggang sa matagpuan n'yo Ito; pagsumikapan n'yo lang, kung maaari'y gabi-gabi, araw-araw, manalangin lamang po kayo nang tuluy-tuloy. At sa inyong paghahanap . . .

210 Ngayon, sa inyo na mga maysakit. Kung ang ipinapangusap ko nga rito ay Katotohanan, papatotohanan ng Diyos na ito'y Katotohanan talaga. Siyanga. Yun ang sadyang mangyayari. At papatotohanan talaga ito ng Diyos, kung mananalangin lang kayo at sasampalataya nang buo n'yong puso. Tumuon lamang kayo, at sabihin ito . . .

211 Noong katagpuin ako ng Anghel ng Panginoon doon sa Green's Mill, Indiana, walong taon na ang nakararaan; matapos na ako sa pagkabata ko, ay nakasunod ito sa akin, nagpapakita ng mga pangitain. Noong dumulog ako noon sa Kanya, ang sabi Niya, "Kung magiging matapat ka lamang, na magagawa mong papaniwalain ang mga tao sa iyo, walang kahit anong bagay ang makahahadlang sa pananalangin."

212 Ngayon, magagawa nga Niya ang siya ring mga gawa sa iyo na mga ginawa Niya noong una. Siya'y nagbangon mula sa patay. At Siya. . . naroon nga ang ilang mga saksi sa harapan Niya. Nalalaman nga Niya kung anong nariyan sa bawat isa sa inyo, kung anong mga nagawa n'yo, kung anong bumabagabag sa inyo, lahat ng tungkol dun. Pinaniniwalaan n'yo ba 'yan? [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.] Kung gayon kayo'y sumampalataya nang buong puso n'yo.

213 Napansin ko ang isang binatang nakaupo rito, naniniwala, sinisikap na, makapanampalataya. Sumasampalataya ka ba na magagawa ng Diyos na ipaalam sa akin kung anong suliranin mo? Sumasampalataya ka? Kung gawin Niya, tatanggapin mo ba ang iyong kagalingan? May sakit ka sa puso. Tama ba? Ano kaya kung sabihin ko sa iyo na ika'y gumaling na rito? Ikaw ba'y makasasampalataya? Tumayo ka sandali. May nerbiyos ka sa puso mo, at pangangabog sa puso. Binabagabag ka nito nang matagal-tagal na. May mga sandali, na kahit kapag hihiga ka, lang, ginagambala ka nito, at matindi ang pangangabog nito na pabalik-pabalik pa nga, mabilis masyado ang tibok. Tama

ba? Kaya naman, nagsanhi ito na di ka matunawan sa iyong tiyan, apektado hanggang dun sa pinaka ugat. Tama po ba? Di ka na nito gagambalain pa kahit kailan. Panghawakan mo lang itong taglay-taglay mo na ngayon; maaari ka nang umuwi't magaling ka na.

214 Hindi ko binabasa ang iniisip mo. Ako'y ganap na di mo kakilala. Isa ka lamang lalaki na nakaupo riyan. Tama ba? Di pa kita nakikita sa buong buhay ko, at wala akong anumang nalalaman tungkol sa iyo. Totoo ba 'yun? Manampalataya kayo na narito ang Panginoon!

215 Kung tutuusin, binatang lalaki, may gusto akong itanong sa iyo na isang bagay, at tingnan mo nga kung totoo ba ito o hindi. Kanina mga ilang sandali ang nakararaan, bigla na lang, may kung anong bagay na lumukob sa iyo nung magsimula akong mangusap tungkol sa "naalis na ang tibo sa maninibo." Hindi ba't totoo 'yun? Hindi ba't kakaibang pakiramdam 'yun na naramdaman mo, habang nakaupo ka riyan? Tama ba? At hindi ba't napatingin ka sa akin noon nang sabay, at nagkasalubong ang ating mga mata nang oras ding 'yun? Yun 'yung sandali na pinagaling ka na, diyan sa sakit mo sa puso, dun mismo. Amen. Siyanga. Narito Siya.

216 Hindi ko po binabasa ang isip n'yo, mga kaibigan. Sinasabi ko lamang ang Katotohanan, at pinapatotohanan ito ng Diyos na Katotohanan talaga.

217 Anong iniisip mo tungkol dito, ikaw na nakaupo sa tabi niya? Sumasampalataya ka ba? Naniniwala ka bang propeta ako ng Diyos? Sasampalataya ka ba kung ang Diyos. . . Ikaw na nakaupo sa harapan, dito sa unahang upuan, 'yun ang dahilan kung bakit lagi kong dinidirekta sa iyo ang sinasabi ko, lumagi riyan sa likod ang Espiritu, na nakapalibot sa akin. Pero ikaw ba'y makasasampalataya, na kung magagawa kong makipag-ugnay sa espiritu mo, ihahayag sa akin ng Diyos kung anong suliranin? Tatanggapin mo ba ang iyong kagalingan? May diabetes ka. Tama ba? Itaas mo ang iyong kamay kung totoo talaga 'yan. Tumayo ka. Magagawa mo na bang tanggapin ang kagalingan mo ngayon? Nawa'y pagalingin ka ng Panginoong Jesus Cristo nang lubos. Pagpalain ka ng Diyos.

218 Manampalataya. Sa mga nasa gawi *rito* manampalataya. Manampalataya, nang buong puso n'yo.

219 Nakikita ko rito ang isang binata na nakasuot ng asul na amerikana. Hayan nga Itong nakatayo sa ibabaw niya. May sakit ka sa balat, hindi ba, kabataang lalaki? Tama ba? Tumayo ka. Oh, nakikita ko, kasama ka sa delegasyon dito. Tama ba? Buweno, gusto mo bang umuwi na magaling na? Itaas mo ang iyong kamay at sabihin, "Panginoong Jesus, sumasampalataya ako ngayon na ang Anghel ng Panginoon ang nangunguna. At sumasampalataya akong pinagaling na ako."

220 Anong iniisip mo tungkol dito, ikaw na lalaking kasunod niya, sumasampalataya ka, rin ba? Tumayo ka sandali, para makita kita. Naniniwala ka bang lingkod ako ng Diyos; nang buong puso mo? Gusto mo bang alpasan ang sakit na ’yan sa puso? Yan nga ang sakit mo noon, hindi ba? Yan nga ang sakit mo “*noon*,” sabi ko. Wala na ito sa iyo ngayon. Maaari ka nang makauwi, rin.

221 Sa lalaki namang kasunod niya, anong iniisip mo tungkol dito, ginoo? Sumasampalataya ka ba nang buong puso mo? Naniniwala ka bang propeta ako ng Diyos? Tumayo ka. Ikaw ba’y sumasampalataya na nang buong puso mo ngayon? May nerbiyos ka. Hindi ba? Kita mo? Tama ba? Itaas mo ang iyong kamay. Maaari ka nang makauwi ngayon na magaling na. Pinagaling ka na ni Jesus Cristo.

222 Diyan naman sa lalaking kasunod, nakatayo, sa hanay na ’yan, sumasampalataya ka ba nang buong puso mo? Tumayo ka. Naniniwala ka bang propeta ako ng Diyos, lingkod Niya? Ikaw ba’y nananampalataya na masasabi Niya sa akin ang problema mo, na matatanggap mo na ang kagalingan mo? Sa lalamunan mo nga. Tama ba? Umuwi ka’t magaling ka na, sa Pangalan ni Jesus Cristo.

223 Mayroon pa po ba sa gusaling ito, na nagnanais na umigi ang kalagayan, maipanumbalik ang kalusugan at mapagaling. Kung naniniwala kayo na ako’y, lingkod ng Diyos, tumayo po kayo. Pagpalain kayo ng Diyos. Sakit na pambabae, kanser, hayan nga’t lumilisan na. Pagpalain kayo ng Diyos! Bawat isa sa inyo, itaas n’yo ang inyong mga kamay sa Diyos.

224 Makalangit naming Ama, hinahatulan ko ang bawat sakit sa gusaling ito, palayasin ang bawat masamang espiritu, at ang Espiritu Santo nawa ang managumpay ngayon at pagalingin ang bawat isa rito.

225 Ipatong n’yo ang kamay n’yo sa isa’t isa, at sabihin n’yo, “Purihin ang Panginoon,” sa lahat ng dako. At magalak kayo at matuwa, sapagkat narito si Jesus Cristo, ang Cordero ng Diyos, na magpapagaling sa inyo, bawat isa sa inyo.

*KATUBUSAN SA PAMAMAGITAN NG KAPANGYARIHAN* TAG54-0329
(Redemption By Power)

Ang Mensaheng ito ni Kapatid na William Marrion Branham, na orihinal na ipinangaral sa Ingles noong Lunes ng gabi, Marso 29, 1954 sa The Church Of The Open Door sa Louisville, Kentucky, U.S.A., ay hinango mula sa magnetikong teyp rekording at inilimbag na walang pagbabago sa Ingles. Itong Tagalog na salin ay inilathala at ipinamamahagi ng Voice of God Recordings.

TAGALOG

©2017 VGR, ALL RIGHTS RESERVED

VOICE OF GOD RECORDINGS
P.O. BOX 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.
www.branham.org

## Abiso Ukol Sa Karapatang Maglathala

Ang lahat ng karapatang maglathala ay saklaw ng may-ari lamang. Ang aklat na ito ay maaaring i-print sa home printer para sa personal na gamit o maipamahagi sa iba, nang walang bayad, upang magamit sa pagpapalaganap ng Ebanghelyo ni Jesus Cristo. Ang aklat na ito ay hindi maaaring ibenta, kopyahin nang maramihan, i-post sa website, i-store sa retrieval system, isalin sa ibang wika, o gamitin upang manghingi ng pondo nang walang inilalabas na kasulatang nagpapahintulot galing sa Voice Of God Recordings®.

Para sa karagdagang impormasyon o para sa iba pang ipinamamahaging materyales, kontakin lamang ang:

Voice Of God Recordings
P.O. Box 950, Jeffersonville, Indiana 47131 U.S.A.
www.branham.org